



2017-

500 taon pagkatapos ni Luther

...ano ba ang mali simula noong panahon ni Martin Luther?



2017 - 500 taon pagkatapos ni Luther

...ano ba ang mali simula noong panahon ni Martin Luther?

Nitong darating na ika-31 ng Oktobre 2017 ay ika 500 taon na ang nakalipas simula ng naitatag ni Martin Luther ang 95 na “theses” sa pintuan ng simbahan ng Wittenberg. Ang mga 95 “theses” ay nagbunyag ng mga tradisyon at pagtuturo ng Simbahang Katoliko na hindi sang-ayon sa Bibliya. Maraming mga tao ang namangha na ang iisang taong ito lamang ay kayang gawin ang ganitong bagay. Isipin mo na ang iisang tao ay kayang magsalita laban sa Roma— isang tao laban sa buong sistema.

Ang 95 “theses” ay kumalat sa buong Alemanya (Germany) at sa buong mundo sa maikling panahon lamang. Ang mga tao ay madaling nakaunawa na ang Simbahang Katoliko ay nagtuturo ng maraming bagay na hindi naaayon sa

Bibliya at ito ay base lamang sa mga tradisyon, at marami ang sumanib kay Luther sa kanyang protesta. Dahil sa 95 “theses” na ito, maraming debate ang naganap at maraming tao ang napag-isip tungkol dito at nagbigay ng kanilang ibat-ibang opinyon.

Noon, ang mga pari lamang ang may Bibliya; sila ay tinitingala ng mga mamamayan. Sila ay inaasahan na makapagbigay ng tamang pagtuturo hinggil sa salita ng Diyos. Si Martin Luther at ang kanyang 95 “theses” at kanyang mga aral ay nagpahayag na ang tradisyon ng mga kaparian at ang kanilang pagtuturo ay hindi angkop sa tinuturo ng ating Bibliya. At ito ay ang simula nang pagbuo ng dalawang kupunan – ang Simbahang Katoliko laban sa mga aral ni Luther.



Dahil si Luther ay may matatag na paninindigan ukol sa kanyang mga itinuturo, siya ay pinatawag para humarap sa Diyeta ng Worms (*Ang "Diyeta ng Worms"* ay isang mataas na diyeta ng Imperyo ng Roma na ginanap sa Worms sa Alemanya sa Hardin ng Heylshof. Ang diyeta ay isang pormal na pampakikinayam na pagpupulong). Ang Diyeta ay nag-udyok sa kanya na sumang-ayon na lamang sa kanilang patakaran at sabihin na walang katotohanan ang kanyang mga sinasabi at mga itinuturo. Datapwat sabi ni Luther: *"Patunayan ninyo, base sa mga simulat ng mga propeta at mga apostoles, na ako ay nagkamali. Pag ako ay nakumbinsi ninyo, babawiin ko ang aking mga nasabi at nagawang mali, at ako mismo ang magtatapon ng aking mga aklat sa apoy."* Kanya ring sinabi: *"Hindi pwede na ipaubaya ko ang aking pananampalataya sa papa man o sa sanggunian, dahil maliwanag pa sikat ng araw na lagi nalang silang nagkakasala at hindi nagkakasundo sa isa't-isa. Maliban lamang na ako'y kumbinsido sa pamamagitan ng patotoo ng Banal na Salita ng Diyos o sa pamamagitan ng malinaw kadahilanan, maliban lamang na ako ay nahihikayat sa pamamagitan ng mga salitang aking nasabi na, maliban na lamang na ang aking konsyensya na nakatali sa salita ng Diyos, ayoko at hindi ko babawiin ang mga nasabi ko na, sa kadahilanan na mapanganib para sa isang Kristiyano ang magsalita laban sa kanyang konsyensya. Nandito akong nakatayo, wala akong magagawa o gagawin, nawa tulungan ako ng Diyos. Siya nawa."* (D' Aubigne, book 7, chap. 8).

Ang pag-aklas ng mga kristiyanong prinsip

Si Emperor Charles V ay gustong patigilin si Luther at ang Repormasyon. Tinawag niya ang mga Diyeta ng Spires noong 1529, natuwa ang mga tauhan ng papa. Dito nagdesisyon sila na pigilan ang mga Repormador sa pagkalat ng kanilang mga tinuturo. Dito napagdesisyonan din nila na ang mga Repormador ay hindi dapat pumunta sa mga misa at makipagtunggali sa mga Katoliko at dapat walang isa mang Katoliko ang sumunod sa mga tinuturo ni Luther.

Ang mga Kristiyanong Prinsipe, na positibo hinggil sa Repormasyon nagdesisyon na ipa-

hayag ang kanilang protesta sa harapan ng pambansang sanggunian. Ito ang ilan sa kanilang mga isinulat: *"Hindi kami nagkukunsente o nagpapatuloy sa anumang panukulang batas na hindi sang-ayon sa Diyos at sa Kanyang banal na salita, sa aming konsyensya na alam namin ay tama at sa kaligtasan ng aming*



kaluluwa...kami ay naninindigan, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, na panatilihin ang tunay at tanging salita lamang Niya ang aming ituturo, na makikita sa Luma at Bagong Tipan (Old and New Testaments), at walang anumang dagdag na hindi sang-ayon dito. (D' Aubigne, book 13, chapter 6).

Ang kanilang Protesta ay nagbigay ng pangalan sa repormadong simbahan at ipinangalanan na Protestante; ang sinusunod na prinsipyo ay ang pinakaugat at pinagmulan ng Protestantismo.

Sa anong awtoridad?

Si Martin Luther at ang mga Repormador ay may paniniwala o panukala, na kung ang mga Kristiyano ay mag-aaral tungkol sa pananampalataya at pagtuturo, sila ay dapat sumunod sa Bibliya lamang at wala nang iba. Sa kabilang dako, ang simbhang Katoliko ay nagsasabing ang Kristiyano ay dapat sumunod sa Bibliya at tradisyon. Sa ganitong punto, malinaw na malinaw ang kaibahan at mali na nais mangyari nang nasabing simbahan.

Ayon sa simbahang Katoliko, si Luther at mga Repormador ay dapat sumang-ayon sa konklusyon ng simbahan at ng pamahalaan. Ang sabi naman ng mga Repormador ay sasang-ayon lamang sila sa konklusyon ng simbahan kung ito ay hindi taliwas sa salita ng Diyos. Ang mga Repormador ay naniniwala na sila ay may karapatang sundin ang kanilang konsyensya lalo na kung ito ay hinggil sa pananampalataya at pagtuturo. Ang Roma, sa kabilang banda, ay naniniwalang kung ang karamihan ng konseho sa simbahan ang nagdesisyon, ang lahat ay dapat na sumunod dito. Ang naging resulta, ang bawat isa ay nagbigay ng kanyang paninindigan: salita ng Diyos lamang, o ang itinuturo ng simbahan (tradisyon) kaakibat ang Bibliya.

Ang (pagpapahirap) pang-aapi

dahilan na ang mga Repormador ay ayaw sumunod sa kagustuhan ng Roma, ang simbahang Katoliko ay nag-umpisang pahirapan sila. Ang mga Repormador ay ayaw sumunod sa kapang-yarihan ng Roma, kaya sila ay kailangan mawala o paalisin. Ang mga lumang aklat ng kasaysayan noong unang panahon, na halos hindi na makikita ngayon, ay nagpahayag ng matinding pagpapahirap sa mga Repormador. Maraming mga Repormador ang ipinasok sa kulungan at pinahihirapan ng walang awa, ang iba naman ay pinahihirapan sa malulungkot na lugar sa mga kabundukan, ang iba ay inilagay kasama ang mga mababangis na hayop, karamihan ay pinahihirapan ng matindi sa pag-uusig, habang ang iba naman ay namatay sa pamamagitan ng espada. Ang mga kwento tungkol sa karumal dumal na pagpapahirap at pang-aapi ng simbahang Katoliko ay nagyanig sa buong mundo bago pa man at matapos ang panahon ni Luther. Maraming mga Repormador ang nakatanggap ng banta sa kanilang buhay at pinagbawalan ng papa. Kung ang isang tao ay pinagbawalan na ng papa, ang ibig sabihin o ang implikasyon nito ay pwede na silang patayin ng kahit na sino. Karamihan sa Repormador ay sinunog sa “*stake*” o poste - kagaya nina Hieronymus, Jan Hus, Louis de Berquin, William Tyndale at marami pang iba. Ang katawan ni John Wycliffe ay ipinalabas sa kanyang libingan at ang kan-

yang mga buto ay sinunog at ang abo nito ay inihagis sa pinakamalapit na ilog. Sa Inglatera lamang, meron nang 289 na mga protestante ang sinunog sa mga poste noong panahon ni Reyna Maria I simula taong 1555- 1558. Dahil sa pangyayaring ito, dapat nating alalahanin ang mga sinabi noon ni Hesus na, **“Dahilan sa ginawa nyo ito sa pinakamaliit sa kanila mga kapatid ko, ito ay ginawa nyo sa Akin.”** (Mateo 25:40). Ang simbahang Katoliko at ang mga namumuno dito ay may malaking pananagutan! Sa kabutihang palad, ang Diyos na ang magbibigay ng makatarungang paghuhusga. Napakahalagang isipin ang tungkol sa isang talata hinggil dito: **“Sapagkat dadalhin ng Diyos ang bawat gawa sapaghuhukom, pati ang bawat lihim na bagay, maging ito’y mabuti o masama.”** (Eclesiastes 12:14).

Malinaw na merong pagpapatawad sa lahat ng mga kasalanan, kung ang isang tao ay pagsisisihan at aaminin ang kanyang kasalanan, at hingi siya ng kapatawaran. Ngunit hindi pa natin nabasa o narinig na ang simbahang Katoliko ay lumapit sa Krus na nagsisisi at inamin ang lahat ng mga karumal dumal na pang-aapi, pagpapahirap at pagpatay sa mga tao na may ibang pananampalataya bago pa man at matapos ang panahon ni Luther.

Ating ipagtanto ito. Ang simbahang Katoliko ay nag-utos na sunugin ang mga tao dahil lamang iba ang kanilang pananampalataya? Isipin na lamang na ang karumal dumal na pagpapahirap sa mga tao sa ilalim ng pag-uusig - dahil lamang sa iba ang kanilang pananampalataya? Bigyang pansin ang mga namatay sa pamamagitan ng espada – dahilan lamang na may iba silang pananampalataya? Isipin ang lahat na pwersahang itinaboy sa kanilang lugar at pinagbawalan na makihalobilo sa lipunan - dahilan lamang ba na sila ay may ibang pananampalataya; at marami pa ang mga pangyayaring kagaya nito ang naganap. Kasabay nito, ang organisasyon ng simbahang ay kinikilalang isang Kristiyano. Masasabi ba natin na ang ganitong pag-uugali ay alinsunod ba kay Kristo? Hindi. Walang iba kung hindi ang demonyo at si Satanas ang nasa likod nitong mga karumal dumal na gawain. Hindi lamang isang araw, isang buwan o

isang taon nangyari ang ganitong nakakapangilabot na gawain, kung hindi ito ay nagtagal pa ng maraming daang taon. Isang bagay pa ang dapat natin malaman na ang dating papa Benedict XVI ang siyang lider o namuno ng PAG-UUSIG hanggang taon ng 2005. Ngayon, ang INQUISITION o PAG-UUSIG ay may bagong pangalan – *Congregation for the Doctrine of the Faith*. Ang namumuno ng kasalukuyang kongregasyon ay si *Archbishop Gerhard Ludwig Muller*. Ang mga Repormador ay nagbigay ng lahat ng kanilang makakaya para sa Diyos. Kahit sila ay nasa poste at sinusunog ay nanatili pa rin silang saksi para kay Hesus. Paano naman tayo? Napag-isip-isip ba natin kung ano ang ginawa ni Hesus para sa atin? Atin bang napagtanto kung gaano kalaki ang pag-ibig at biyaya ng Diyos para sa atin? Ibinigay ba natin ang lahat lahat para sa Diyos?

Mahalin mo ang iyong kaaway

Kung ikukumpara natin si Hesus at ang posisyon ng papa, na nag-uusig ng mga tao dahil iba ang kanilang pananampalataya, si Hesus ay magsasabi na *“Ngunit sinasabi ko sa inyo na, mahalin mo ang iyong kaaway, basbasan mo sila na nagmumura sa inyo, gawan mo ng mabuti ang namumuhi sa inyo at ipanalangin mo ang mga nanggagamit sa inyo at nang-aapi sa inyo.”* (Mateo 5:44).

Kaylaking kaibahan ang espirito ni Hesus kaysa sa papasiya. Ginawa tayo ng Diyos na may sariling desisyon para ang bawat isa ay may sariling pagpipili hinggil sa isyu ng relihiyon. Hindi natin dapat puwersahin ang mga tao na maniwala kagaya ng paniniwala ko o paniniwala mo. Ang lahat ay may karapatan na magsamba sa Diyos ayon sa kanyang konsyensya. Isang malaking kamalian kung ang pagpapakulong, ang pagpapahirap at ang paggamit ng espada ay gagamitin para lamang mapasunod ang isang tao. Malaki ang pinagkaiba sa pagitan ng pagpatay sa kaaway at ang pagmahal sa kanila. Ang mga anak ng Diyos ay pipiliin na mahalin ang kanilang kaaway. Si Hesus ang ating Manlilikha at Tagapagbigay ng ating pangangailangan ay nagmamahal sa lahat (Juan 1:3;

Colosas 1:17). Si Hesus ay nagsabing *“Lumapit ka sa akin, lahat kayong nahihirapan at nabibigatan at bibigyan kita ng kapahingahan.”* (Mateo 11:28). Siya rin ang nagsabing *“Ang lahat na ibinigay sa akin ng Ama ay lalapit sa akin; at ang lumalapit sa akin kailanman ay hindi ko itataboy.”* (Juan 6:37). Si Hesus ay nagnanais na lahat tayo ay makakaunawa ng katotohanan at maligtas.



Ang Papa Ba ay Kinatawan ni Hesus?

Ang tingin ng papa sa kanyang sarili ay kinatawan ng Diyos dito sa lupa, pero dapat malaman ng lahat na ang papa ay hindi kinatawan ni



Kristo. Pinapapaligiran nila ang kanilang mga sarili ng mga mararangya at magarbong bagay ngunit si Hesus ay nagsabing: *“May mga lungga ang mga asong –gubat, at ang mga ibon sa himpapawidd ay may mga pugad; ngunit ang Anak ng tao ay walang mapagpahingahan ng kanyang ulo.”* (Mateo 8:20). Si Hesus ay nagsuot ng simpleng damit ngunit ang mga papa ay may malalaki at mamahaling kasuotan. Sila ay naninirahan sa magarbong mga gusali, gumagastos ng milyong pera para sa kanilang pagbabiyaha at may maraming mga tagabantay sa bawat gilid. Malinaw na makikita natin na malaki ang kaibahan ng pag-uugali ng papa kaysa kay Hesus. Kaya ang titulo na ibinigay ng simbahang Katoliko para sa papa ay talagang hindi tugma. Ito ay masasabing isang pangungutya laban kay Kristo at sa tapat at mapagkumbabang buhay Niya noon dito sa lupa.

Ang simbahang Katoliko ay napakayaman. Si Hesus ay nagsabi sa isang mayaman na tao: *“Iisang bagay, ang kulang sa iyo; humayo ka, ipagbili mo ang lahat at ibigay mo ang salapi sa dukha, at magkaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, dalhin mo ang iyong krus at sumunod ka sa Akin.”* (Marcos 10:21).

Kahit na ang Vatican ay may napakalaking kayamanan, ang papa mismo ay dapat sumunod

sa panawagan ni Hesus, kung sinasabi niya na siya ay kinatawan ng Tagapagligtas na mapagkumbaba.

Alam ni Martin Luther ang kalooban ng simbahang Katoliko at ito ang kanyang sinabi: *“Sobrang nakakatakot na bagay ang tumingin sa taong nagpapapanggap ng kanyang sarili na kinatawan siya ni Kristo, at ipinapakita ang kanyang kadakilaan na kahit emperador ay di kayang pantayan. Ganito ba ang isang Hesus na mahirap o ang isang mapagpakumbaba na Pedro? Siya raw, sabi nila, ang panginoon ng sanlibutan. Pero si Kristo, na sinasabi niya, na siya ang kumatawan, ay nagsasabing, ‘Ang aking kaharian ay hindi sa mundong ito.’ Ang sinasakupan ba ng isang halili, ay mas malawak pa ba kaysa nakakataas sa kanya?”* (D’Aubigne, book 6, chapter 3).

Buong Mundong Kapangyarihan

Maraming naniniwala na ang simbahang Katoliko ay nagbago na simula nang inamin niya ang karumal dumal na mga gawain noong panahon ng repormasyon - pero hindi siya nagbago. Ganoon pa rin ang kanyang mga doktrina at mga itinuturo kagaya ng dati. Nagsuot lamang siya ng pananamit Kristiyano para matanggap siya. Ngayong natanggap na siya at nakatanggap na ulit ng kapangyarihan hindi lamang sa EU (European Union) pati na rin sa buong mundo, malapit na nating makikita kung ano talaga ang paninindigan ng papasiya. Kagaya noong panahon ng mga repormador na gumamit siya ng kapangyarihan ng pamahalaan, ngayon ay gagamitin ulit niya ang kapangyarihan ng pamahalaan at mga batas internasyonal na siyang aalalay sa kanya upang bumalik ang kanyang kapangyarihan sa ating kapanahunan.

Ang papa n si Paul VI ay nagsulat, bahagi ito ng kanyang sinulat na pinamagatang: *Toward an Effective World Authority o ang ibig sabihin ay “Patungo sa mahusay na Pandaigdigang Kapangyarihan”*: *“Itong internasyonal na kaugnayan sa pandaigdigang sukatan ay nangangailangan ng mga institusyon na mangangasiwa hanggang sa bandang huli na magkakaroon ng isang sistema ng hustisya na*

kilalanin at susundin sa buong mundo. Sino ba ang hindi nakakakita ng pangangailangan ng pagtatag ng mabilis na pagsulong ng pandaigdigang kapangyarihan na may kakayanan sa mahusay na panganga siwa sa hudisyal at sa politikal na mga sektor.” - Pope Paul VI Populorum Progressive 1967, 78.

Lumabas ang katanungan: Aling institusyon ba ang kaugnay simbahang Katoliko upang makapagtatag ng bagong pandaigdigang pamantayan? Naisip ko na makikita natin silang lahat sa pamamagitan ng UN, EU, NATO, ang Union ng Africa, IMF at marami pang iba.

Ang dating papa na si Benedict XVI ay nagpala-bas ng isang mahigpit na paki-usap sa mga pinuno ng buong mundo sa kanyang “encyclical” kamakailan lang, na nagsasabing: **“Merong matinding pangangailangan ng mga tunay na politikal na mga awtoridad sa buong mundo, na siyang mangangasiwa ng pandaigdigang ekonomiya na may pag-uugali na maka-Diyos.... Upang matapos na ang malawakang krisis pinansiyal sa buong mundo.”** - ni Cathy Lynn Grossman, USA Today, 7/7/2009.

Huwag nating kalimutan na ang simbahang Katoliko ay nagnanais na maging isang kapang-yaharian sa sansinukob. Gusto niya na siya ang mangangasiwa o may kontrol sa buong mundo. Ang mga katoliko ang siyang nagsimula ng EU at ang Vatican ang nasa likod ng idea ng “New World Order”. Ang mga batas pang-internasyo-nal ay siyang mamahala ng “New World Order” at dahil diyan ay magkakaroon siya ng kapang-yarihan na masakop ang sanlibutan.

Sa kanyang pinakamabiling libro na may pamagat “*The Keys of This Blood*”, ang Jesuit na propesor na nakabase sa Vatican, Malachi Martin, ay naglahad ng lahat na ito:

“Sa ayaw at sa gusto, handa man o hindi, tayong lahat ay may bahagi sa bigay-todong, tatlong paraan ng pandaigdigang kompetisyon. Karamihan sa atin ay hindi kalahok... tayo ang “stoke” (hangad na pinupunteryang)... ang kompetisyon ay tungkol sa sino ang magsisimula ng kauna-unahang “pandaigdigang sistema ng pamahalaan na maging makakatotohanan ang kanyang presensya sa lipunan ng

mga bansa sa buong mundo. Ito ay tungkol sa kung sino ang hahawak o magkokontrol at sino ang susuko sa dobleng kapangyarihan ng AWTORIDAD AT MAGKOKONTROL SA BAWAT ISA SA ATIN BILANG INDIBIDWAL NA TAO , AT LAHAT TAYO SAMA-SAMA BILANG PAMAYANAN...sa ikatlong milenyo... ngayong naumpisahan na, wala nang paraan upang ito ay bawiin o hadlangan... ang ating pamumuhay bilang indibidwal at bilang mamamayan... kahit na ang tatak ng pambansang marka ng ating pagka-kaiba o pagkakakilanlan ay babaguin, at hindi na babalik kailan man, dahil pwersahan na ipapatupad ang matinding kapangyarihan. Wala ni isang makakalibre o makakaalpas dito. Walang sector ng ating pamumuhay ang hindi tatamaan.” [Emphasis supplied] - Malachi Martin, *Keys of this Blood: Pope John Paul II Versus Russia and the West for Control of the New World Order* (1991), pp. 12-16.



Sinabi ni Martin na ang papa ay “siyang mananalo sa kompetisyon.” Sa pahina 341 ng kanyang libro, si Malachi Martin ay nagpaliwanag na itong “one-world government” (isang pamahalaan para sa buong sanlibutan) ay pamumunuan at kokontrolin ng isang pandaigdigang biyurukrasya (kawanihan) na siyang magkokontrol at mangangasiwa sa bawat mamamayan at bawat bansa...

Tingnan natin ang ilan sa mga binanggit kung paano ilarawan ng simbahang Katoliko ang kanyang sarili:

“Ang simbahan ng Roma ay isang monarka

(kaharian) ng lahat ng mga kaharian, sa pag-iisip at katawan, o bilang Diyos sa sanlibutan. Kaya, ang Simbahan ng Roma ay hindi lamang ang siyang may kapangyarihang espiritwal kung hindi meron din siyang pinakamataas na kapangyarihan sa mga bagay sa mundo.” (Pope Leo XIII, Apostolic Letter, 1879). Lalong iginiit ito ng papa na si Gregory, noong sinabi niya na *“Ang kapangyarihan ng simbahan ay mas mataas kaysa kapangyarihan ng estado.”* Dr. G. F. Van Schulte, propesor ng *“canonical”* (patakaran ng batas na ipinapatupad ng konseho ng simbahan) na mga batas, ay nagsabing: *“Lahat ng kapangyarihan ng tao ay nanggaling sa masama at dapat ito ay maninindigan sa ilalim ng Papa.”* (T.W. Callaway: Romanism versus Americanism, p 120).

Batay sa mga impormasyon, malinaw na malinaw, na ang politikong simbahan na ito ay nagtatrabaho upang makamit ang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagkontrol sa gobyerno at sa kapangyarihan ng estado. Ang simbahang Romano Katoliko ay nagtatrabaho batay sa ideya o konsepto na *“de jure divine”*, isang Latin na parirala na ang ibig sabihin ay *“na ang simbahan ay may banal na karapatan na mamahala sa buong sanlibutan, sa kapangyarihan at sang katauhan”*. Sinabi niya na ang karapatang ito ay nakuha niya mula sa Diyos mismo at gagawin niya ang lahat upang makamitan ang pakay na ito – ang pangasiwaan at pagkontrol sa sanlibutan.

Si Dr. Bronson, isang tanyag na awtoridad ng Katoliko, ay minsang sumulat na: *“Ang papa ay may karapatan na magpataw ng parusa ng deposisyon (alisin sa pwesto) laban sa isang*

namumuno kung kinakailangan, kung ito ay para sa ikaaayos espiritwal... ang kapangyarihan ng simbahan na kanyang ginagamit sa mga namumuno sa kapanahunan ng “Middle Ages” ay hindi pang-aagaw ng pwesto, hindi rin ito nagmula sa pagsuko ng mga prinsipe o ito ay kinokonsente ng mga tao, bagkus ito ay dahil sa banal na karapatan at siya na tumututol dito ay rebelde laban sa hari ng mga hari at panginoon ng mga panginoon.” (Catholic Review, June 1851).

Kahit ito ay isinulat sa matagal nang panahon, ang simbahan ng Roma ay nagsasabing ito ay hindi nababago. Si Dr. Bronson ay nagsang-ayon o nagpatotoo sa paninindigang ito. *“Ano man ang ginawa ng simbahan, ano man ang ipinahayag o na inaprobahan noong nakaraang panahon, iyon ay eksaktong gagawin, ipapahayag o aaprobahan ulit sa hinaharap, kung magkatulad na pangyayari ang magaganap.”* (Catholic Review, January 1854).

Makikita natin na lahat ng klaseng pagrerebelde laban sa kapangyarihang ito sa panahon ng katapuasan, at yaong mga nagkulang sa pagkikilala at respeto sa kapangyarihan ng simbahan, ay parurusahan, sa pamamagitan din ng EU.

Bago pa ang *“Second Vatican Council”* (1962–1965), ang simbahang Katoliko ay nagtawag sa ibat-ibang relihiyon o pananampalataya ng mga *“heretics”* (rebelde sa simbahang Katoliko). Simula nitong konseho, ang mga rebelde sa simbahang Katoliko ay tinatanaw ng mga kapatiran na nahiwalay sa simbahan. Ang simbahang Katoliko ay nagsasabing siya lamang ang may katotohanan at walang kaligtasan para sa kanila na nasa labas ng simbahan.



Ang Kilusanng Pagkakaisa ng mga Relihiyon

Sa ngayon, ang simbahang Katoliko ay sumu-subok na pagsama-samahin ang lahat ng mga denominasyon sa pamamagitan ng “*ecumenical movement*” (ang Kilusanng Pagkakaisa ng lahat ng mga Relihiyon). Humingi sila sa mga Jesuits sa Roma na magtatag ng diyalogo (pag-uusap) sa pagitan ng mga iba’t-ibang denominasyon (relihiyon) at sila ay sinusubukang ipunin sa ilalim ng simbahang Katoliko.

Makikita natin na meron nang pagbabago. Ang simbahang Katoliko ay hindi nagbago ng kanyang doktrina, bagamat ang Protestantismo ang siyang lumalapat sa Roma.

“*Charta Oecuminea*” ang siyang pamagat na pinili nila para sa Kilusang Pagkakaisa ng mga Pananampalataya/Relihiyon, at malinaw sa dokumentong ito na nagsasaad na sabay silang magtatrabaho at sabay silang gagawa nang misyonaryo gawain. Naghahanap sila ng paraan na magkaisa sa ganitong mga bagay at ang mga bagay na hindi nila mapagkasunduan ay isasantabi na lamang. Si Hesukristo ay nagnanais na magkaisa tayo sa Kanya sa lahat ng bagay. Hindi pagkakaisa na nababatay sa demokrasya at paramihan ng boto, kung hindi, pagkakaisa kay Kristo. Pagkakaisa sa pananampalataya ni Hesus sa lahat ng antas (batayan). Kung hindi tayo isa sa mga sanggunian ng simbahan, tayo ay dapat sumunod kay Kristo.

Iyong mga gumagawa ng misyonaryong gawain na hiwalay sa impluwensya ng simbahan ay itinuturing mga “*offshoots*” o mga taksil - at ang mga taksil ay may nararapat na kaparusahan. Sina Luther, Melancton, Tyndale, Calvin, Wycliffe, Heironymus, Wesley, Hus, Zwingli, Berquin, ang mga *Waldensians* at iba pa ay itinuturing mga taksil. Ang mga “taksil” ay nagnanais na ang Bibliya at Bibliya lamang ang batayan ng kanilang pananampalataya. Ating nasilayan na ang simbahang Katoliko ay hindi nag-aalinlangan na patigilin at tapusin ang mga itinuturi nilang mga taksil (Repormador) noong panahon ng “*Middle Ages*”. Ang mga taksil ngayon, ang mga Repormador ngayon ay tutol sa pagkakaisa ng mga relihiyon. Ang Kilusan

ng Pagkakaisa ng mga Relihiyon ay gusto na ang Bibliya at tradisyon ang kanilang batayan, habang ang mga Repormador ngayon, ay gustong ipagpatuloy ang landas ni Luther at ang mga Repormador ng kanyang panahon, na ang Bibliya at Bibliya lamang ang pundasyon ng pananampalataya at pagtuturo.

Ang Bibliya ay may malinaw na pahayag, na itong mang-uusig na kapangyarihan ay makakatanggap ng nakakamatay na sugat, ngunit ito ay gagaling. Ang papasiya ay nakatanggap ng sugat na nakakamatay noong 1798, noong ang papa na si Pius VI ay ikinulong ng isang heneral ni Napaleon na si Heneral Berthier at sa bandang huli ay namatay sa kulungan ng France. Nakuha muli ng papasiya ang estado ng



Vatican noong 1929 sa pamamagitan ni Mussolini at simula noon ay nagtamo ng malaking kapangyarihan at impluwensya sa sanlibutan. Ang papa na si John Paul II ay nagbiyahe sa buong mundo at nakatatag ng mga magagandang ugnyayang diplomatiko sa bawat bansa na kanyang napupuntahan. Ang papa na si Benedict XVI

ang siyang nagpatuloy ng kanyang gawain, at ngayon naman ang bagong “*Jesuit*” na papa, si Francis, ay nagpapatuloy na pagsama-samahin ang lahat ng relihiyon sa buong sanlibutan sa



ilalim ng bandila ng papasiya sa pamamagitan ng “*ecumenical movement*” o Kilusan ng Pagkakaisa ng mga Relihiyon. Dito’y sinusubukan niya matamo ang pagkakaisa laban sa mga ayaw maki-isa. Upang matamo niya ang tagumpay dito, sila ay lumikha ng batas para sa sanlibutan – politikal, relihiyoso, batas pang-ekonomiya o pinansyal. Ang pandaigdigang batas ay dapat mas mataas sa pambansa/lokal na batas upang makahikayat sila ng mga bansa at mga tao. Ang mga batas ang siyang namamahala sa mga bansa. Kung ang isang bansa ay pumailalim sa pandaigdigang batas na ginawa ng mga globalista, na siya ring nagtatrabaho para sa “*New World Order*” (Bagong Pandaigdigang Paman-tayan), ito din ay nangangahulugang isinusuko rin niya ang kanyang kalayaan at pamumuno. Ang pagbabagong ito ay nagaganap sa larangan ng politikal, relihiyoso at ekonomiya/pinansyal na aspeto ng isang bansa. Ito ay dahan-dahang nakapasok sa maraming mga taon. Itong pagbabago ay nangyayari ng dahan-dahan na hindi namamalayan. Balang araw ang mga hindi tapat sa pandaigdigang batas, maging pambansang batas man siya (o pansimbahang batas ay ituturing siyang isang rebelde o suwail na mamamayan. Sila ay isasailalim sa parusa at iba’t - ibang paraan ng pagdidisiplina. Ang pag-aabuso ng papasiya sa kapangyarihan ay muling makikita, ngunit ang malaking maggugulangang sa atin ay

ang mga nagprotesta noon laban sa pag-aabuso ng papasiya sa kapangyarihan ay magiging kampakampi na nila ngayon (Apocalipsis 13:11-17). Ang Bibliya ang siyang nagpahayag nito at tayo ay naniniwala sa salita ng Diyos.


Ang Roma ay Hindi Nagbabago

Nagugulat ba kayo na ang mga Protestante ngayon ay nag-abot ng kanilang mga kamay sa Roma at ngayon ay nakikipagtrabaho kasama ang Roma? Malinaw na ang mga Protestante ay nakalimot kung paano inusig ng Roma ang ibang pananampalataya noong panahon ni Luther. Ating nakita na marami ang ikinulong, inusig at pinahirapan dahil sa kanilang pananampalataya. Kaya kung hindi natin alam ang ating kasaysayan o ang ating Bibliya, hindi natin malalaman kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Ang Roma ay hindi nagbago at ang kasaysayan ay mauulit muli. Ang simbahang Katoliko ay sinuutan lamang ang kanyang sarili ng damit ng kristiyanismo. Sa ngayon, ang sistema ay inihalintulad sa isang lobo na nagdadamit tupa. Sila ay nagsasagawa ng trabaho kasama ang “*white pope*” at ang “*black pope*”. Ang *White Pope* ay siyang magbibighani ng sangkatauhan gamit ang kanyang karangyaan at salapi, habang ang *Black Pope* ay siyang lider ng mga *Jesuits*, na nagtatrabaho ng sekreto at patago, at sa kadiliman. Ang mga *Jesuits* ay mga bihasang sundalo na lihim na hinubog ng Vatican. Ayon sa sinumpaang mga *Jesuit*, sila ay lilikha ng giyera upang sirain ang mga pamahalaan, nang sa gayon sila makipag-ayos sa pwersa ng mga *Jesuits*. Sila ay hinihikayat na pasukin at guluhin ang ibang denominasyon (relihiyon) at sila ay maging *Lutheran* kasama ang mga *Lutherans*, maging *Baptist* kasama ang mga *Baptists*, maging *Pentecostal* kasama ang mga *Pentecostals*, maging *Adventist* kasama ang mga *Adventists*, at marami pang iba. Sa pamamagitan ng edukasyon sila ay makakalamang at sa pamamagitan nitong katayuan, mahihikayat nila ang mga denominasyon (relihiyon) na sumali sa Kilusan ng Pagkakaisa ng mga Relihiyon. Ang kanilang katapatan ay buong-buod para sa papa, at kung gugustuhin nila at kung kinakailangan ay gagamit sila ng espada o anong klaseng sandata para magtagumpay sila sa kanilang hangarin. Yaong

mga nakabasa o makakabasa ng panunumpa ng *Jesuit*, na kanilang sinusumpa sa harap ng papa bago magsimula sa kanilang katungkulan, ay makakaunawa nito. (Tingnan ang www.endtime.net – *The Elite Tightens the Grip*). Karamihan ng mga Protestante ay pikit-mata sa mga mahuhusay na pamamaraan ng Roma na mapag-isa ang pandaigdigang relihiyon.

Ang Araw ng Pagdiwang

Ngayong ipagdiriwang nila ang Repormasyon at ang ika 500-taong anibersaryo ni Martin Luther, ating mapagtanto ang pagbabalik sigla ng espiritong Repormasyon at atin ding maalaala ang pakikipaglaban ni Martin Luther laban sa simbahang Katoliko. Pero ang katotohanan ay ang Protestantismo ay unti-unti at tuluyan nang namamatay sa panahong ito. Sa pagdiriwang na ito may posibilidad na marinig natin na, noong panahon ni Luther, merong mga tao na hindi kontento sa sistema noong mga panahong iyon at ang Repormasyon ay bunga



ng di-pagkakaunawaan, mapait na karanasan, at walang katuturang kaguluhan. Sa kasalukuyan tayo ay nasa bagong panahon. Ang lahat ay nagbago na ngayon, gusto natin na merong pagkakaisa at hindi ang pagkawatak-watak. Makikita natin na ang mga lider ng Katoliko at ‘Protestante’ ay magkakaroon ng ugnayan para makamit nila ang sinasabi nila ‘pagkakaisa’ at hindi ang di pagkakasundo o labanan, at sa maraming lugar ang mga pinuno ng Protestanteng simbahan, kasama ang mga pinuno ng simbahang Katoliko, sila ay magkakaroon ng pagtitipon ng mga relihiyon at ipagdiriwang si Luther – ganon na rin kasama ang Jesuit na si Pope Francis. Ang Bibliya ay naglahad na mahigpit ang kanilang pagkakaisa na ***sila ay meron nang isang pag-iisip***, pero ang Bibliya ay nagpahayag na ang mga kapangyarihang ito ay makikipagdigma laban kay Kristo at sa mga taong nasa panig Niya. (Apocalipsis 17:12-14)

Ang “*ecumenical movement*” o pagkakaisa ng mga relihiyon ay tinitipon ang mga Katoliko at mga Prtestante sa ‘iisang mesa’. Ating aala-hanin: Ang pagkakaisa ay mabuting bagay, ngunit ito dapat ay pagkakaisa kay Kristo at hindi nakabatay (nakasalalay) sa desisyon ng karamihan at relihiyosong pagtitipon lamang. Si Hesus ay nagsabi “***At silang lahat ay maging isa; kagaya mo, Ama, sa akin, at ako sa’yo at sila din ay makiisa sa atin: upang ang buong mundo ay maniniwala na ikaw ay nagpadala sa Akin.***” (Juan 17:21).

Ito ay hindi pagkakaisa sa ngalan ng pagkakaisa lamang, kung hindi ito ay pagkakaisa kay Kristo.

Kung si Luther ay buhay at kanyang makikita kung paano nila ipinadiriwang ang repormasyon na magkasabay, siya ay siguradong hindi sasang – ayon sa ginagawa ng mga Katoliko at ang hindi tunay na Protestante. Hindi tunay na mga protestante ang nakikipag – ugnayan sa mga Katoliko.

Makikita natin na ang Banal na Kasulatan ay natupad na, halimbawa, “at ang buong mundo ay namangha sa halimaw [papasya]” at “ ang iyong mangangalakal mga sikat at mayayamang tao ng mundo; sapagkat dinaya ng iyong pangkukulam ang lahat ng bansa.”



(Apocalipsis 13:3 at 18:23). Ang papasya ay gumagamit ng pangkukulam, isang kapang-yarihan na masyadong mahusay, na karamihan ay walang kamuwang – muwang kung ano ang mga nangyayari. Pero kung sila ay magtatagumpay sa paghihikayat ng lahat na sumama sa kanilang pandaigdigang mga stratehiya, at paggawa ng mga batas. Sila ay magpaparusa sa mga tumututol at nagpapahayag sa mga kanilang mali na itinuturo at pamamaraan, kagaya ng pagparusa nila kay Luther, Hieronymus, Wycliffe, Hus, Berquin, Zwingli at marami pang iba.


Nagbago ba ang Katolikong Simbahan?

Ngayon ang ating tanong makalipas ang 500 taon pagkatapos ni Luther: Nagbago ba ang simbahang Katoliko? Hindi! Ang simbahang Katoliko ay patuloy pa rin sa pagpapalaganap ng mga aral na hindi ayon sa Bibliya at sila ay patuloy rin sa pagpapalaganap ng mga tradisyon. Ating tingnan ang ilan sa mga ito:

1. Ang simbahang Katoliko ay naniniwala na ang papa ay “*vicar*” ni Hesus dito sa lupa. Ang ibig sabihin ng “*vicar*” ay isang kapalit o kahalili. Sa kabilang banda, ang Bibliya ay nagsasabing si Hesus ay nagpadala ng Banal na

Espirito na hahalili sa kanya. (Juan 14:16-17). Naniniwala sila na si Pedro ang pinakaunang papa, ngunit si Pedro bilang tao ay hindi perpekto at hindi pwedeng maging kapilit ni Kristo. Si Hesus ay nagsabing: “*Sa batong ito ipapatayo ko ang aking simbahan*” (Mateo 16:15-18). Ang Griegong salita para sa “itong bato” = Petra. Ang salitang **Petra** ay nangangahulugang **bato**. Ang original ng Griegong salita na Pedro = Petros, na ang ibig sabihin ay bato o umiikot na bato. Sa kay Kristo lamang tayo gagawa ng ating simbahan at hindi sa taong hindi perpekto. Kagaya ng mga papa noon hanggang sa kasalukuyan na hindi mga perpekto. Si Pablo ay nagsulat hinggil sa mga anak ng Israel noong sila ay nasa kaparangan: “*At sila ay uminum ng inuming Espiritwal: dahil sila ay uminom mula sa espiritwal na Bato na sumusunod sa kanila: at ang Bato ay si Kristo.*” (1Korinto 10-4). Si Hesus ay siyang *Bato* at hindi si Pedro.

2. Ang simbahang Katoliko ay naniniwala na kung ang pari ay namamahagi ng tinapay habang ginaganap ang Hapunan ng Panginoon at magsasabi ng ilang misteryosong mga salita, ang tinapay ay magiging literal na laman ni Hesus. Sa ganitong paraan, kanilang inialay ang katawan ni Hesus bilang panibagong sakripisyo sa bawat panahon na sila ay kumakain nitong tinapay (kaugnay sa Hapunan ng Panginoon). Sila ay naniniwala na ang pari ay kayang maglalalang ng Manlilikha at saka



kanilang kakainin Siya (Hesus). Noong si Hesus ay nagsagawa ng Hapunan ng Pangi-noon, kanyang binasbasan ang tinapay at kanyang pinaghati-hati at nagsabing **“Kunin mo ito at kainin: ito ang Aking katawan na pinaghati-hati ko para sa inyo: gawin ninyo ito para maalaala ninyo ako.”** (1Korinto 11:24). Kung tayo ay kakain ng tinapay, ito ay magpapaalaala sa atin na si Hesus ay nagsakripisyo para sa atin doon sa Krus sa Golgotha at ang Kanyang katawan ay nahahati para sa atin at ang Kanyang dugo ay binuhos para sa ating kapakanan. Dagdag pa, ang Bibliya ay nagsasabing si Hesus ay inialay ng isang beses at para sa lahat (Hebreo 7:28; 9:28). Ito ay isang kahihiyan at katawatawa para kay Hesus at sa kanyang sakripisyo na iaalay siya nang paulit-ulit sa panahon na ang tinapay ay kakainin at ang vino ay iinumina sa bawat Banal na Komunyon ng mga Katoliko. Ito ay nagpapakita lamang na hindi nila tinatanggap ang sakripisyo ni Hesus bilang sapat at mainam para sa ating kaligtasan.

3. Ang simbahang Katoliko ay tinanggal ang pangalawang Banal na Utos sa kanilang Katekismo. Ang pangalawang Banal na Utos ay nagsasaad na hindi tayo dapat magsamba sa mga larawan o rebulto na ginawa o inukit ng tao. (Exodo 20:4-6). Ang mga imahen ng Birheng Maria ay sinasamba sa simabahang Katoliko at ang mga sumasamba ay naniniwala na si Maria ang siyang nagpakita sa Fatima at sa iba pang mga lugar sa buong mundo. Bagamat si Maria ay namatay mga 2000 taon na ang nakararaan, ibig sabihin ibang espiritu ang naglantad ng kanyang sarili bilang Birheng Maria.

4. Ang simbahang Katoliko ay naniniwala na si Birheng Maria ay dinala na sa langit at ang ating mga panalangin ay dumadaan muna sa kanya bago makarating kay Hesus at sa Ama. Ito ay mga pananampalataya na Katoliko ang lumikha, dahilan na si Maria ay patay na mga 2000 taon na ang nakaraan. Nandiyan lamang siya sa kanyang libingan, kagaya ng lahat ng iba na namatay na at naghihintay ng umaga ng pagkabuhay. (1Tesalonica 4:15-17).

Ang Bibliya ay malinaw na nagsasabing **“merong tatlo na nagdadala ng talaan sa langit, ang Ama, ang Salita, at ang Banal na**



FOTO: Fondazione Cariplo

Espiritu: at itong tatlo ay iisa.” (1Juan 5:7). Makikita natin ang tekstong ito sa Bibliya na **“King James”** at sa **“Groundtext Textus Receptus”**, pero hindi sa mga Katolikong Bibliya at sa kanilang **“Groundtext Codex Vaticanus”**. Ang Katolikong Simbahan ay nagmumungkahi na may apat na espesyal at banal na tao sa langit, na kung saan, si Maria ang pang-apat at ang kanilang dinadasalan. Si Hesus ay nagsabing: **“Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: Sinuman ay hindi makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan ko.”** (Juan 14:6). Si Hesus lamang ang tanging pumapagitna sa Diyos at sa ating mga tao. Ang ating panalangin ay makakarating sa Ama sa pamamagitan Niya. **“Sapagkat may isang Diyos at may isang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Kristo Hesus.”** (1 Timoteo 2:5).

5. Ang simbahang Katoliko ay nagsasabing ang papa at ang kaparian ay makapagpatawad ng kasalanan. Ang tanong ay; Pupunta ba tayo sa pari, sa kay Maria, o kay Hesus, upang matanggap natin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan? Ang Bibliya ay malinaw na nagsasabing “ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan.” (1 Juan 3:4). “Yamang ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.”

(Roma 3:23). “Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan...” (Roma 6:23). Ang naging resulta ay, lahat tayo ay unang napa-tawan ng parusa ng kamatayan. Si Hesus ang nag-iisa at siyang tanging makapagligtas sa ating kasalanan. Siya ang lumikha sa atin, ibinigay Niya ang buhay Niya para sa atin at Siya ang makapagbibigay sa atin ng kalayaan mula sa hatol ng kasalanan. Siya lamang ang tanging nabuhay dito sa mundo na walang kasalanan. Nabasa natin: **“Sapagkat tayo’y mayroong isang Pinakapunong Pari na marunong makiramay sa ating kahinaan, isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayunma’y walang kasalanan.”** (Hebreo 4:15). Kaya: **“Kaya’t kung kayo’y palayain ng Anak kayo’y magiging tunay na malaya.”** (Juan 8:36)



Tanging si Hesus lamang ang makapagpalaya sa atin kung ating ikumpisal ang ating mga kasalanan at atin itong pagsisihan at ihingi ng kapatawaran.

Kanino ba tayo dapat lumapit, sa pari ba, sa papa, o kay Hesus? Ating nang nakita na na tanging iisa lang ang ating tagapagligtas at tagapamagitan sa pagitan ng Diyos Ama at sa ating mga tao – Hesuskristo. Huwag nating kalimutan na dapat nating ikumpisal ang ating kasalanan sa kung kanino man tayo nagkasala. Ating nabasa **“Mag-ingat kayo sa inyong sarili. Kung magkasala ang iyong kapatid, sawayin**

mo siya, at kung siya’y magsisi, patawarin mo siya.” (Lukas 17:3).

Dapat nating lapitan ang tao kung kanino tayo nagkasala, aminin ang ating kasalanan at pagkatapos humingi tayo ng tawad sa kanila. Ang pari o ang papa ay walang kaugnayan sa isyung ito. Tanging si Hesus lang ang makapagpatawad sa atin. Ating mababasa sa panalangin ni Hesus na **“Ama Namin”: “At patawarin mo kami sa aming pagkaka-utang, kagaya nang pagpatawad namin sa mga may utang sa amin.”** (Mateo 6:12).

Ito ay inilarawan ni Juan sa ganitong paraan: **“Ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, upang kayo’y huwag magkasala, tayo ay may Tagapagtanggol sa harap ng Ama, si Hesuskristo na siyang matuwid. Siya ang kabayaran para sa ating mga kasalanan, at hindi lamang para sa atin kundi para din sa kasalanan ng buong sanlibutan.”** (1 Juan 2:1-2)

Tanging sa pamamagitan ni Hesuskristo na ang makasalanan ay mapatawad at mabigyan ng pahintulot na makapasok sa kaharian ng Diyos. Si Hesus lamang ang ating Tagapagligtas, ang ating Pumapagitan, at ang ating Tagasuporta sa Ama. Tayo ay dapat pumunta sa Kanya (Hesus) kung tayo ay nagkasala. Kung ating napagtanto na tayo ay nagkasala, at atin itong pinagsisihan at hingin ang Kanyang kapatawaran, tayo ay magkakaroon ng ganitong pangako mula sa Diyos: **“Kung ating ikumpisal ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at makatutuhanan na magpatawad sa ating mga kasalanan, at tayo ay kanyang lilitisin sa ating pagka-di makatarungan.”** (1 Juan 1:9).

Ang mga Katolikong pari at ang papa ay inilagay ang kanilang sarili sa lugar ni Kristo at inangkin nila ang Kanyang tungkulin at ang kakayahan Niyang magpatawad ng kasalanan. Ang Bibliya ay nagsabi na itong pagtalikod sa relihiyon ay darating. Nabasa natin: **“Huwag kayong padaya kanino man sa anumang paraan, sapagkat ito’y hindi darating malibang maunang maganap ang pagtalikod, at mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan. Siya ay sumasalungat at nagmamataas laban sa lahat ng tinatawag na**

diyos o sinasamba; anupa't siya'y nauupo sa templo ng Diyos, na nahahayag ang kanyang sarili na Diyos." (2Tesalonica 2:3-4)

Siya na tinatawag na tao ng kasalanan, anak ng impyerno at hindi kumikilala sa kautusan, ay naglagay ng kanyang sarili sa kinilalagyan ni Kristo. Siya ay nakaupo sa templo ng Diyos na parang siya ay Diyos. Ang pinag-uusapan dito ay walang iba kung di ang papa. Siya ang taong hindi kinikilala ang kautusan na nagpalit nang Sampung Utos ng Diyos. Siya ay pumalit kay Kristo bilang tagapamagitan at nagsasabing siya ay makapagpatawad nang kasalanan. Bakit ang mga protestante ay makipag-ugnayan kasama ang tao ng kasalanan, ang anak ng impyerno, at ang hindi kumikilala sa kautusan?

6. Ang Katolikong Simbahan ay naniniwala na ang kaluluwa ay hindi namamatay. Naniniwala sila na kung ang tao ay namatay, sila ay patuloy na nabubuhay bilang kaluluwa o espiritu. Ano ba ang sinasabi ng Bibliya tungkol dito? Nabasa natin: *"At ang Panginoong Diyos ay nagporma ng tao mula sa alikabok ng lupa, at Kanyang binigyan ng Kanyang hininga ang kanyang ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay nagiging buhay na kaluluwa."* (Genesis 2:7). Sinasabi dito na ang mga tao ay *nagiging* buhay na kaluluwa at hindi tumatanggap ng kaluluwa. Mababasa rin natin kung sino itong namamatay. *"Ang kaluluwang nagkasala, ito ay mamamatay."* (Ezekiel 18:20).

Ang aral na ang kaluluwa ay hindi namamatay ay nagsimula sa pagsinungaling ni Satanas doon sa Harden ng Eden. Sinabi ng Diyos kay Adan at kay Eva na hindi sila dapat kumain ng naturang kahoy sa harden. Kung sila ay kakain ng prutas na nagmula sa kahoy na ito, sila ay mamamatay.

Pero ang sabi ni Satanas kay Eva: *"Hindi, ikaw ay hindi mamamatay!"* (Genesis 3:4).

Ang kasinungalingang ito mula kay Satanas ay siyang batayan ng pagtuturo na ang kaluluwa ay hindi namamatay at naging laganap sa maraming relihiyon ngayon. Subalit ano ba ang sinasabi ng Bibliya? Ang matalinong si Solomon ay nagsabi: *"Sapagkat nalalaman ng mga buhay na sila'y mamamatay, ngunit hindi nalalaman ng patay ang anumang bagay, at wala na silang gantipala; sapagkat ang alaala nila ay nakalimutan na. Ang kanilang pag-ibig, pagkapoot, at ang pagkainggit ay nawala na, wala na silang anumang bagay na nagawa sa ilalim ng araw. Anumang masumpungan gawin ng iyong kamay, gawin mo ng iyong kalakasan; sapagkat walang gawa, kaisipan, kaalaman, ni*



karunungan man sa Sheol, na iyong pagtutuhuan." (Eclesiastes 9:5-6,10).

Ating tingnan ang dalawa pang mga banal na kasulatan: *"Huwag ninyong ipagtaka ito, sapagkat dumarating ang oras na ang lahat ng nasa libingan ay makarinig ng kanyang tinig, at magsisilabas, ang mga gumawa ng mabuti ay tungo sa pagkabuhay na muli sa buhay, at ang mga gumawa ng masama ay tungo sa pagkabuhay na muli sa kahatulan."* (Juan 5:28, 29).

Si Pablo ay may parehong konklusyon hinggil sa Pangalawang Pagbabalik ni Hesus:



“Sapagkat ito’y sinasabi namin sa inyo sa pamamagitan ng salita ng Panginoon, na tayong nabubuhay, na natitira hanggang sa pagdating ng Panginoon, ay hindi mauuna sa anumang paraan sa mga natutulog. Sapagkat ang Panginoon mismo ang bababa mula sa langit na may sigaw, may tinig ng arkangel, at may trumpeta ng Diyos, at ang mga namatay kay Cristo ay babangon muna. Pagkatapos, tayong nabubuhay na natitira ay aagawing



kasama nila sa mga ulap, upang salubungin ang panginoon sa papawirin; at sa gayon ay makakapiling natin ang Panginoon magpakailanman.” (1 Tesalonica 4:15-17).

Kaya ating makikita na ang mga patay sa mga libingan ay gigisingin ni Hesus. Ito ba ay kagulat-gulat sa inyo? Ating nakikita na ang mga patay ay wala nang nalalaman. Sila ay nanatiling nakahimlay sa kanilang mga libingan hanggang sa umaga ng pagkabuhay. Ang mga makatarungan ay magigising sa muling pagkabuhay na walang hanggan at ang mga di maka-Diyos ay para sa kamatayan.

Noong namatay ang kaibigan ni Hesus na si Lazarus, si Hesus ay pumunta sa kanya. Si Lazarus ay apat na araw nang patay at nag-uumpisa nang maagnas. Si Hesus ay nagsabing si Lazarus ay patay na at ikinumpara niya na ang pagkamatay ay parang pagtulog lamang. Si Hesus ay nagsabi kay Lazarus: *“Lazarus, hali ka.”* (Juan 11:43). Si Lazarus ay tunay na lumabas sa kanyang libingan.

Maraming mga ministro ang nangangaral na kung ang isang tao ay mamamatay, sila ay pupunta sa langit o sa impyerno. Kung ang isang

makatarungang tao ay mamamatay at pupunta agad sa langit, ating dapat pinaniwalaan na si Lazarus na kaibigan ni Hesus ay pumunta na sa langit. Pero hindi siya bumaba mula sa langit, o sa mga ulap, o sa kalawakan dahil si Hesus ay bumuhay kay Lazarus mula sa libingan. Dagdag pa, ang Bibliya ay nagsasabing: *“Nakatakdang ang tao ay mamatay at pagkatapos nito ang paghuhusga.”* (Hebreo 9:27). Ang araw ng paghukom ay magaganap sa pagitan ng panahon ng pagkamatay at ng pangalawang pagbabalik ni Hesus, at hindi ang pari kung di si Hesuskristo ang tanging makapagdesisyon kung sino ang makakatanggap ng buhay na walang hanggan at kung sino ang pupunta sa hatol kamatayan. (2Corinto 5:10; Juan 5:26-29). Ang Bibliya ay tiyak na nagsasabing *“dahil ang bayad ng pagkakasala ay ang kamatayan; pero ang kaloob ng Diyos na walang bayad na buhay na walang hanggan kay Kristo Hesus na Panginoon natin.”* (Romano 6:23).

Sa istoryang ito, ating nalaman na si Hesus ay bubuhayin din si Lazarus sa mga huling araw. Si Maria ay nagsabing: *“Alam kong siya ay babangon na muli sa pagkabuhay sa huling mga araw.”* (Juan 11:24). Ang huling araw ay ang muling pagbabalik ni Hesus.

Ang Bibliya ay nagsabing si Hesus lamang ang may buhay na walang hanggan. Naisulat na *“na kanyang ipahahayag sa takdang panahon – siya na mapalad at tanging Makapangyarihan, ang Hari ng mga Hari, at Panginoon ng mga Panginoon. Siya lamang ang walang kamatayan at naninirahan sa liwanag na dimalapitan; na hindi nakita ng sinumang tao, o makikita man. Sumakanya nawa ang karanalan at paghaharing walang hanggan.”* (1 Timoteo 6:15-16). Ang Diyos lamang ang hindi namamatay. Ang sangkatauhan ay mamamatay, pero pagdumating na si Hesus, sila rin ay susuutan ng buhay na walang kamatayan. Si Pablo ay naglalarawan ng ganito: *“Makinig kayo, sasabihin ko sa inyo ang isang hiwaga. Hindi tayong lahat ay mamamatay, ngunit tayong lahat ay babaguhin, sa isang saglit, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng trumpeta, sapagkat ang trumpeta ay tutunog at ang mga patay ay mabubuhay na walang pagkasira at tayo’y babaguhin. Sapagkat kai-*

langan na itong may pagkasira ay magbihis na walang pagkasira, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan. Subalit kapag itong may pagkasira ay mabihisan ng walang pagkasira at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, ay mangyayari ang salitang nasusulat: ang kamatayan ay nilamon sa pagtatagumpay.” (1 Corinto 15:51-54).

Marami ang naniniwala na merong kaluluwa o espirito na lumalabas sa isang tao kung siya ay mamatay at ito ay lumulutang sa paligid na naghihikayat at kayang makipag-ugnay sa mga tao sa pamamagitan ng mga mensahe. Narito ang isang bahagi ng impormasyon na nanggaling sa “magazine” ng isang ispiritista: **“Ano ba ang Espiritismo? Ang Espiritismo ay isang paniniwala na ang espirito ay hindi namamatay at kayang makipag-ugnayan sa buhay na tao sa pamamagitan rin ng tao na tinatawag na ‘medium’ (pumapagitan).”** (Ito ay kinuha mula sa *Spiritisten*, isang *Danish magazine* tungkol sa Espiritismo, 1900. P.84).

Halos kalahati ng mga tao sa buong mundo ay naniniwala sa “reincarnation” o muling pagkakatawag-tao. Ang isang pagtuturo na nagsasabing ang kaluluwa ay hindi namamatay ngunit ito ay nabubuhay muli sa iba’t-ibang katawan mula sa isang henerasyon. Ang ganyang pagtuturo ay hindi sang-ayon sa tinuturo ng Bibliya. Ang Bibliya ay nagsasabing pagkatapos ng pagkamatay, ang mga tao ay nagiging alikabok muli (Mga Awit 104:29), ang isang patay ay wala nang alam kahit anong gawain sa ilalim

ng araw (Mga Awit 146:4; Ecclesiastes 9:6), ang patay ay naghihintay sa libingan (Job 17:13), at ang mga patay ay wala nang buhay (Job 14:1,2; 2Kings 20:1).

Ating nakikita sa maraming kasulatan na ang Bibliya ay lumalayo sa mga teoryang kaugnay sa ang kaluluwa ay hindi namamatay, sa “reincarnation” o muling pagkakatawag-tao, sa espiritismo at iba pang mga gawain na may kaugnayan sa mga nabanggit. Tinatawag o tinuturi ng Bibliya ang ganyang mga bagay na karumdumal na kasalanan. Ating mababasa na: **“Huwag makakatagpo sa iyo ng sinumang nagsusunog sa apoy ng kanyang anak na lalaki o babae bilang isang handog, ng manghuhula, o manggagaway, o engkantador, o mangkukulam, o gumagamit ng anting-anting, o nagpapagamit sa mga masasamang espiritu, o salamangkero, o sumasangguni sa mga patay. Sapagkat sinumang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumdumal sa PANGINOON, at dahil sa mga karumdumal na gawaing ito ay pinalayas sila ng PANGINOON Diyos sa harapan mo.”** (Deuteronomio 18:10-12).

Ang Bibliya ay ganap na hindi tumatanggap sa mga aral na ang kaluluwa ay walang kamatayan, sa espiritismo, sa “reincarnation” o sa muling pagkakatawag-tao at iba pang tinituro na may impluwensya ng mahika ng mga pilosopiya/relihiyon ng tagasilangan.

7. Ang simbahang Katoliko ay nananakot sa mga tao sa pamamagitan ng kanilang



pagtuturo hinggil sa walang katapusang paghihirap. Sinubukan nilang kumbinsihin ang mga tao na sinuman ang hindi maging tapat sa pagtuturo ng Katoliko ay hahantong sa impyerno. Sinasabi nilang merong walang katapusang apoy ng impyerno at ang taong hindi maka-Diyos ay pupunta doon at doon siya paparusahan na walang katapusan.

Ang simbahan ay nagbebenta ng indulhensya (ang pagbibigay ng layaw o hilig). Sinasabi nila na ang isang tao ay makapagbayad ng pera sa simbahan upang siya ay mabigyan ng mas magaan na parusa kung siya ay mamatay at sa purgatoryo na lamang siya pupunta.

Noong panahon ng Repormasyon, ang purgatoryo ay inaakala na isang lugar kung saan ang mga tao ay pinaparusahan dahil sa mga kasalangan nagawa bago sila papasukin sa paraiso. Si Luther ay nagbigay ng kanyang opinyon na ang ganyang klaseng pagtuturo ay hindi sang-ayon sa Bibliya at ginagamit lamang iyan upang ang simbahan ay makalikom ng salapi.

Ang simbahang Katoliko ay nagtuturo na ang purgatoryo ay isang kalagitnaang lupa na may

temporaryong parusa kung ang tao ay mamamatay. Ang mga taong namatay na sinasabing nasa purgatoryo ay hindi makakalabas sa pamamagitan ng kanilang mga sarili kung di kailangan nila ang tulong ng iba. Kaya may ilang mga buhay na tao na ipinanalangin ang mga patay at nagbabayad sa simbahang Katoliko sa pag-asang mababawasan ang kaparusahan para sa mga taong naroon sa purgatoryo.

Ang papa ay nagbibigay din ng kapatawaran kapalit ng pera. Ito ay itinuturing na indulhensya. Atin itong ipaliwanag ng konti: Kung ang isang tao ay nakagawa ng kasalanan, halimbawa pakiki-apid o nasuway niya ang alin man sa Sampung Utos, ang tao ay pwedeng magbayad upang hindi siya maparusahan. Iyan ang pagpapatwad ng mga kasalanan. Ang mga mayayaman ay makakayang gumawa ng maraming kasalanan.

Si Tetzel, na siyang nagbebenta ng mga indulhensya at tagapagsalita ng simbahang Katoliko noong kapanahunan ni Luther, ay nagpahayag na batay sa kapangyarihan ng sulat ng indulhensya, ang lahat ng kasalanan na ginawa ng "buyer" o tagapamily, pati na rin ang kasalanang



gagawin niya sa hinaharap ay mapapatawad. Hindi na kailangan na pagsisihan pa ang naga-
wang kasalanan. (D' Aubigne, vol.3, chapter 1).
Sa ganitong paraan ang mga tao ay may kasigu-
raduhan na sila ay may kaligtasan, hindi lamang
sa mga buhay pati na rin sa mga namatay na.
Kanilang ipinahayag na pagkatapos mabayaran
ng salapi, ang kaluluwa ay palalabasin na sa
purgatoryo at lilipad na patungo sa paraiso.

Sa mahabang panahon, ang mga tao ay nag-
bigay ng maraming salapi sa simbahan. Marami
ang nagbayad ng malalaking salapi sa simbah-
ang Katoliko dahil pinaniniwalaan nila na ito ay
makakatulong sa kanilang mahal sa buhay na
nandoon sa purgatoryo na nagdurusa. Ang sim-
bahang Katoliko ay naging mayaman sa hindi
makatotohanang pangangatwiran. Nakalikom
sila ng limpak-limpak na salapi sa pagda-an ng
panahon bilang resulta ng kanilang propaganda
batay sa pananakot. Nakapagpatayo sila ng ma-
raming magagarang simbahan o katedral dahil
sa panlilinlang at paglililikom ng pananalapi. Da-
pat ay mahiya sila sa paraan ng panlilinlang nila
sa mga tao.

Pero ano ba ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa
nangyayari sa tao kung siya ay mamatay? Ang
Bibliya ay nagsasabing **“ang kabayaran ng ka-
salanan ay kamatayan.”** (Roma 6:23). Kung
sinasabi na ang kabayaran ng kasalanan ay
kamatayan, ibig sabihin walang pagpapahirap.
Ang Bibliya ay nagsasabing ang hindi ma-
ka-Diyos ay makakatanggap ng kaparusahan
ayon sa kanyang mga nagawa. (Apocalipsis
20:13). Kung may isa na nakagawa ng mara-
ming masasamang bagay, sila ay paparusahan
ng mas matagal at mas mahirap. Ang propetang
si Malakias ay nagpatotoo nito: **“Sapagkat na-
rito, ang araw ay dumarating na gaya ng nag-
niningas na pugon, na ang lahat ng palalo at
lahat ng gumagawa ng masama ay magiging
parang ipa, at ang araw na dumarating ang
susunog sa kanila, sabi ng PANGINOON ng
mga hukbo, anupa’t hindi mag-iiwan sa ka-
nila ng ugat ni sanga man.”** (Malakias 4:1).
Ang ugat ng lahat ng kasamaan ay ang diyablo
at si Satanas at ang mga sanga ay ang hindi ma-
ka-Diyos. Silang lahat ay susunugin kagaya ng
dayami o ang nalabi na mga bahagi ng tanim
pagkatapos ng ani. Ang mahaba at basa na daya-



mi na nasusunog sa mahabang panahon, pero
ang tuyo at maikli na dayami ay ay masusunog
ng madali lang. Ito ay naglalarawan kung paano
papusahan ang mga taong hindi maka-Diyos.
Sila ay paparusahan ayon sa kanilang mga gawa
at ito ay matatapos sa kamatayan. Pero hindi
sa ganitong punto na merong parusa sa lawa
ng apoy. Ating mababasa na **“Mag-ingat kayo,
darating ang araw na, magkaroon ng sunog
kagaya ng pugon.”** Kaya ito ay mangyayari sa
hinaharap, sa katapusan ng panahon.

Pinatunayan ni Juan ang katotohanan nang si-
nulat niya kung paano ang pagpapusahan sa mga
di maka-Diyos sa lawa ng apoy. **“At ang sinu-
mang hindi natagpuang nakasulat sa aklat ng
buhay ay itinaon sa lawa ng apoy.”** (Apoca-
lipsis 20:15). Pareho rin ang kanyang ipinahay-
ag tungkol sa lawa ng apoy sa ganitong paraan:
**“Ang kamatayan at ang Hades ay itinaon sa
lawa ng apoy. Ito ang ikalawang kamatayan,
ang lawa ng apoy.”** (Apocalipsis 20:14).

Si Juan ay nagpatuloy sa pagsulat: **“Ngunit
sa mga duwag, sa mga hindi nananampala-
taya, mga karumal-dumal, mga mamamatay**



– tao, mga mapakiapid, mga mangkukulam, mga sumasamba sa mga diyos-diyosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa lawa na nagliliyab sa apoy at asupre, na siyang ikalawang kamatayan.” (Apocalipsis 21:8).

Anong nangyari sa makasalanang siyudad ng Sodoma at Gomorrha? Sila ay sinunog ng apoy na hindi namamatay, pero ang apoy ay huminto ng wala nang mga bagay na dapat pang sunugin. Ang Bibliya ay naglalarawan sa ganitong paraan: *“Gayundin ang Sodoma at Gomorrha, at ang mga lungsod sa palibot ng mga ito, na gumawa naman ng pakikiapid at nalulong sa kakaibang laman, ay inilagay bilang halimbawa, na nagdaranas ng kaparusahan sa apoy na walang hanggan.”* (Judas 7). Sinasabi dito na ang mga siyudad at ang mga mamamayan nito ay susunugin ng apoy na walang kamatayan. Ito ay kaparusahan ng kanilang immoralidad. Alam natin na ang mga siyudad na ito ay hindi sinusunog hanggang ngayon. Ang apoy ay tumigil dahil ang lahat na dapat masunog ay nasunog na at naging abo na. Si Apostoles Pedro ay nagpaliwanag na ang kapalaran ng Sodoma

at Gomorrha ay isang halimbawa ng kung ano ang mangyayari sa mga huling panahon. Sinulat niya na: *“kung paanong pinarusahan Niya ng pagkalipol ang mga lunsod ng Sodoma at Gomorrha na ginawa Niyang abo, upang maging halimbawa sa mga namumuhay sa kasamaan.”* (II Pedro 2:6).

Ang kaparusahan ay mangyayari sa hinaharap

Si Hesus ay nagbigay rin sa atin ng kanyang pahayag tungkol sa ganitong bagay sa pamamagitan ng pagsabi na: *“Kaya’t kung paanong tititipon ang mga damo upang sunugin sa apoy, gayundin ang mangyayari sa katapusan ng sanlibutan. Ang Anak ng Tao at ang kanyang mga angel, titipunin nila sa labas ng kanyang kaharian ang lahat ng mga sanhi ng pagkasala at ang mga gumagawa ng kasamaan; at itatapon nila ang mga ito sa pugon ng apoy. Doon ay magkakaroon ng pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin.”* (Mateo 13:40-42).

Muli nating makikita kung paano magaganap ang pagpaparusa sa hinaharap – sa huling panahon. Sa ngayon, ang di maka-Diyos ay hindi sinusunog sa apoy na walang hanggan ng impierno, gaya ng mga tinuturo ng simbahang Katoliko. Ang aral na ito ng Katoliko tungkol sa impiernong apoy na walang hanggan ay sa kasamaang-palad lumalaganap na rin sa mga Protestanteng denominasyon.

Ang huling parusa kay Satanas ay inilalarawan ng ganito: *“Sa pamamagitan ng karamihan ng iyong mga kasamaan, sa kalikuan ng iyong pangangalakal, iyong nilapastangan ang iyong mga santuwaryo; kaya’t ako’y naglabas ng apoy sa gitna mo; tinopok ka niyon, at ginawa kitang abo sa ibabaw ng lupa sa paningin ng lahat ng nakakita sa iyo. Silang lahat na nakakakilala sa iyo sa gitna ng mga bayan, ay natigilan dahil sa iyo; ikaw ay dumating sa isang kakilakilabot na wakas, at ikaw ay hindi na mabubuhay pa.”* (Ezekiel 28:18-19).


Walang paghihirap na panghabang panahon kagaya ng itinuturo ng simbahang Katoliko. Ang parusa sa mga taong hindi maka-Diyos ay matatapos sa kamatayan at abo. Ang apoy

ay hindi mamatay hangga't ang kaparusahan ay matatapos at ang kanyang resulta ay walang hanggan. Ang salitang *"eternal"* ay hango sa salitang Griyego na *"aion"* na ang ibig sabihin ay **mahabang panahon, habangbuhay, walang katapusan**. Kaya kung ang mga hindi maka-Diyos ay paparusahan sa lawa ng apoy **"sa mahabang panahon"** o **"habang buhay"** ayon sa kanilang nagawa, ito ay matatapos sa kamatayan. Ang Diyos ay nangako na wawakasan Niya ang gawain ng Diyablo kung ang lahat ng mga hindi maka-Diyos ay nabigyan na ng parusa, ang Diyos ay lilikha ng bagong langit at bagong lupa.

Ang apostoles na si Pedro ay sumulat tungkol dito: ***"Ngunit ayon sa Kanyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, kung saan ang katwiran ay naninirahan. Kaya nga mga minamahal, yamang kayo'y naghihintay sa mga bagay na ito, ay pagsikapan ninyong matagpu-an kayo sa kapayapaan, na walang dungis at walang kapintasan sa paningin Niya."*** (2 Pedro 3:13-14). Si Juan ay may pareho ring palagay ukol dito: ***"At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa; sapagkat ang unang langit at ang unang lupa ay lumipas na, at ang dagat ay wala na."*** (Apocalipsis 21:1). Nais nating tanungin ng mga sumusunod na katanungan ang mga taong ipinipilit ang paniniwala tungkol sa aral ng walang hanggang pagpaparusa. ***"Nasaan ba ang impyerno noong ang planetang "earth" ay sinusunog at wala na ang mga dagat?"*** Hindi dito sa lupa dahil ang mga elemento sa lupa ay lubusang nasunog. Ang bawat marka ng kasamaan ay mawawala. Wala ni isang bahid ng kasamaan ang maiiwan. Ito ay sisira lamang sa mga karanasan ng mga taong makatarungan at ito ang nakikita na ng Diyos sa hinaharap. Kaya ang lahat ng masama ay susunugin at sirain sa walang hanggan. Kung wala na ang lahat ng masasama, ang Diyos ay lilikha ng bagong langit at bagong lupa. Ang lahat doon ay maging mapayapa at mabuti. Ang Diyos ay magsisimulang muli ng bawat bagay kagaya noong sa Harden ng Eden bago magkasala ang tao, na kung saan ang tao ay nakikipag-usap sa Diyos ng harapaharapan. Wala nang mga mag-nanakaw, wala nang nagsasalita ng masama

laban sa kapwa, wala nang mamamatay-tao, wala nang sundalo, wala nang sakit at wala nang luha doon sa bagong lupa. Ang Bibliya ay naglalarawan ng bagong lupa kagaya ng sumusunod. ***"At papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata, at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na rin magkakaroon pa ng pagdadalamhati, o ng pagtangis man, o ng kirot man, sapagkat ang mga unang bagay ay lumipas na."*** (Apocalipsis 21:4).

Kung ang hindi maka-Diyos ay mabubuhay na may walang hanggang kaparusahan, wala silang puwang sa mundong ito, dahil hindi rin naman sila pwede sa bagong lupa, dahil wala nang sakit, wala nang luha at nang paghihirap doon. Ang mga makatarungan ay mamumuhay sa bagong lupa. Sana lahat ng makakabasa nitong dokumento ay tatanggapin si Hesukristo at manalangin para sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, upang siya man ay maging tunay na saksi para kay Hesus at maging bahagi siya ng mga tao ng Diyos kung Siya ay tatawag na ng kanyang mga anak at maging kamali siya sa mga makatarungan, at sila sa pamamagitan biyaya



ng Diyos, ay maging tagapagmana ng bagong lupa!

Ang teorya (paliwanag) ng walang hanggang kaparusahan ay nakakakilabot batay sa takot. Kaya itapon ito sa apoy at sunugin ito. Ang teoryang ito ay walang kaugnayan sa pagmamahal ni Hesus. Ninanais lamang ni Hesus kung ano ang makakabuti para sa atin at Kanyang lamang pinahintulutan si Satanas na humasik ng kanyang maruming gawain upang makita ng lahat na siya ay isang diyablo, na siya ay puno ng kasamaan. Ang Diyos ay hindi namimilit ng kahit na sino man. Pero iba naman ang pamamaraan ng Diyablo. Kung ang lahat ng ebidensya ay mailalantad na, ang Diyos ay sa pamamagitan ng pagmamahal, doon na Niya sisirain si Satanas at ang lahat na kakampi niya na nagrerebelde sa Diyos. Kaya tayo ay umaasa ng pagdating ng araw ng paghuhukom at kung kailan ang Diyos ay lilikha ng bagong langit at bagong lupa, na kung saan ang pagmamahal ni Hesus ay mananahan kasama na ang walang hanggang kapayapaan at kasiyahan.

8. Ang simbahang Katoliko ay nagsasagawa at nagtuturo ng pagbibinyag at pagkukumpil ng sanggol. Ang pagbibinyag ng sanggol ay nag-ugat (nagmula) sa pagtuturo ni Augustine hinggil sa kasalanan. Siya ay naniniwala na ang sanggol ay ipinanganak na may kasalanan. Kaya, kung ang sanggol ay may sakit at ikamatay niya ito, kinakailangan na wisikan ng pari ng tubig ang kanyang ulo sa lalong madalang panahon. Pinaniniwalaan din noon na ang sanggol ay naging Kristiyano at natamo niya



ang kaligtasan. Itong kaugalian ay nagpapatuloy hanggang ngayon. Subalit ang sanggol ay walang nagawang kasalanan. Hindi rin niya alam kung ano ang tama o mali. Ngunit ang ganitong kakayahan na matukoy kung ano ang tama sa mali ay malilinang lamang sa kanyang pagtanda. Ang Bibliya ay nagsasabing: **“ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay luma-labag sa kautusan; at ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan”** (I Juan 3:4) at **“ang kaluluwang nagkasala ay mamamatay. Ang anak ay hindi magdurusa dahil sa kasalanan ng kanyang ama.”** (Ezekiel 18:20).

Ang teksto ay malinaw na nagpahayag na ang isang bata ay hindi magmamana ng kasalanan ng kanyang mga magulang. Kung kailan ang isang tao ay matanda na para maunawaan ang kaibahan ng tama o mali, doon na siya may pananagutan sa kanyang kasalanan. Kaya ang bata ay walang namamanang kasalanan na kailangan ilibing, dahil siya ay inosente hanggang sa bandang huli. Kaya ang pagbibinyag ng sanggol ay hindi kailangan at hindi sang-ayon sa Bibliya. Ang katotohanan ay ang inosenteng sanggol ay dumating dito sa masamang kalagayan ng mundo at namamana niya sa kanyang mga magulang ang likas na pagkamakasalanan at nakikibahagi ng paghuhusga kay Adan pagkatapos silang makagawa ng kasalanan: **“...hanggang ikaw ay bumalik sa lupa; sapagkat diyan ka kinuha. Ikaw ay alikabok, sa alikabok ka babalik.”** (Genesis 3:19). Gayunpaman ang bata ay hindi tumatangi sa pagtubos ni Kristo na ginawa para sa lahat. Meron silang pahintulot na makibahagi sa pagtutubos na ginawa ni Kristo. Noong dinala ng mga ina ang kanilang mga anak kay Hesus, Siya ay nagsabi sa kanila: **“Hayaan ninyong lumapit sa akin ang maliliit na bata. Huwag ninyo silang pagbawalan, sapagkat sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Diyos. ... at binasbasan sila.”** (Marcos 10:13-16). Hindi sila bininyagan ni Hesus ngunit sila ay kanyang pinagpala. Ito ang dapat nating gawin habang ang ating mga anak ay bata pa.

Sa likod ng pagtuturo ng pagbibinyag ng sanggol, ang mga ninang at ninong ang siyang inatasan na mananampalataya para sa sanggol dahil hindi pa nila kayang gampanan ang gawain na iyan para sa kanilang mga sarili. Pero ang

Bibliya ay nagsasabi: **“Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Kristo.”** (Roma 10:17). Ang bata ay hindi nakakaunawa ng pangangaral/pagtuturo kung kaya hindi siya magkakaroon ng sariling pananampalataya. Atin ding mababasa: **“Siyang sumampalataya at nabinyagan ay maliligtas..”** (Marcos 16:16). Ang nagiging resulta, ang gustong magpabinyagan ay dapat mayroong sariling pananampalataya. Kaya mali kung ang mga ninong at ninang ang siyang mahalili sa pananampalataya ng bata. Ang mga pari at mga ninong at ninang ay nagsasabing ang ay bata magkakaroon rin ng sariling pananampalataya sa bandang huli sa oras ng kanyang kumpil, pero ito ay walang kasiguraduhan.

Tingnan natin ang ilang mga halimbawa ng mga pagbinyag sa Bibliya. Bigyan natin ng pansin na ang pananampalataya ay mahalaga.

Nang si Felipe ay nangaral tungkol kay Hesus ang isang eunoko sa Ethiopia, siya ay nagsabi kay Felipe: **“Tingnan mo, narito ang tubig! Ano ang nakakahadlang upang ako’y mabawtismuhan? At sinabi ni Felipe : Kung nanampalataya ka ng buong puso. Sumagot siya at sinabi: Sumasampalataya ako na si Kristo ay Anak ng Diyos. Inutos niyang itigil ang karwahe at lumusing si Felipe at ang eunoko sa tubig. At nabawtismuhan siya ni Felipe.”** (Gawa 8:26-38).

Nang si Felipe ay nagbigay ng pangaral tungkol sa Banal na Kasulatan doon sa Samaria, marami ang tumanggap ng mensahe. Ang Bibliya ay nagpahayag ng resulta ng pangaral ni Felipe: **“Ngunit nang naniniwala sila kay Felipe na nangangaral ng mabuting balita tungkol sa kaharian ng Diyos at sa pangalan ni Hesuskristo, sila ay nabawtismuhan, mga lalaki at mga babae.”** (Gawa 8:12).

Mga babae at mga lalaki ang nabinyagan (nabawtismuhan); hindi ang mga bata.

Mahahanap natin sa Bibliya, ang kwento tungkol sa isang gwardiya ng kulungan na nabawtismuhan kasama ang kanyang pamilya. Ang ilan ay nagsasabing merong mga bata na nabawtismuhan din. Walang nakasaad na merong mali-

liit na mga bata. Sinasabi na itong mga tao (ang gwardiya at ang kanyang pamilya) ay nakarinig ng pangaral at ang mga nabinyagan (nabawtismuhan) ay tinanggap si Hesuskristo bilang kanilang personal na Tagapagligtas. Ating basahin ang kwento: **“Nang sila’y mailabas ay sinabi niya: Mga ginoo, ano ang kailangan kong gawin upang maligtas? At kanilang sinabi: Manampalataya ka sa Panginoong si Hesus at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan. Ipinangaral nila sa kanya ang salita ng Panginoon at sa lahat ng kanyang bahay. Sila’y kanyang kinuha nang oras ding iyon ng gabi, at hinugasan ang kanilang mga sugat, at agad siyang binawtismuhan, pati ang buo niyang sambahayan. Sila’y kanyang pinapanhik sa kanyang bahay at hinainan sila ng pagkain. Siya at ang kanyang buong sambahayan ay nagalak na sumampalataya siya sa Diyos.”** (Gawa 16:30-36).

Dito si Pablo ay nakipag-usap sa gwardiya ng kulungan sa Filipos at sa lahat ng miyembro ng kanyang pamilya. Tinanggap nila si Hesuskristo sa pamamagitan ng pananampalataya at sila ay nabinyagan (nabawtismuhan). Kung meron mang mga bata doon sila ay dapat malalaki na upang sila ay mabahagian ni Pablo ng mensahe hinggil sa salita ng Diyos.

Ang salitang “bawtismo/binyag” ay nanggagaling sa salitang **“baptismo”** kung saan ginagamit nila ito sa paggawa at pagbenta ng mga bakal. Inilarawan dito kung paano ang isang bakal ay inilublub nang husto sa tubig. Kung ang isang manggagawa ng bakal ay gagawa nito sa isang paraan at gusto rin niya na manatiling sa isang porma, kanya itong ilulublub sa tubig nang buong-buo. Sa pamamagitan ng bawtismo, ang isang tao ay nagpapakita bilang tanda na kanyang tinatanggap ang pagdurusa at paghihirap ni Hesus, ang paglibing sa kanya at ang muli Niyang pagkabuhay. Ang binyag o bawtismo ay palatandaan rin kung ano ang nangyayari sa kalooban ng isang tao dahil sa nailibing na ang lahat ng kanyang kasalanan, at ipinatong na ito kay Hesus, upang siya ay mapatawad sa kanyang kasalanan at siya ay babangon na sa panibagong buhay kay Kristo.

Ito ang isang bersikulo na naglalarawan nito:



“O hindi ba ninyo nalaman na tayong lahat na mga nabawtismuhan kay Kristo Hesus ay mga nabawtismuhan tungo sa kanyang kamatayan? Kaya’t tayo ay inilibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo , si Kristo ay muling nabuhay mula sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, gayundin naman tayo’y makakalakad sa panibagong buhay.” (Roma 6:3-4).

Ang teksto ay malinaw na nagsasabi na ang tao na binibinyagan ay inilibing/inilulublub sa tubig at babangon na may bagong buhay kay Kristo. Ito ay hindi nangyayari sa pagbinyag ng sanggol.

Ang Bibliya ay tumatawag sa bawtismo na “kasagutan ng isang mabuting konsensya/budhi patungo sa Diyos” at mababasa ng ganito: ***“At ang bawtismo, na siyang kalarawan nito, ang nagliligtas sa inyo ngayon, hindi sa pag-aalis ng karumihan ng laman, kundi bilang paghiling sa Diyos ng isang malinis na budhi, sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Hesuskristo.”*** (1Pedro 3:21).

Kung tayo ay gagawa ng isang kasunduan o magpipirma ng kontrata kasama ang isang tao, napakaimportante na alamin muna natin kung ano ang pinagkasunduan bago pirmahan o tanggapin ang mga nakasaad sa kontrata. Ganun na rin sa pagbawtismo/pagbinyag. Bago magbawtismo, importante na maglaan ng maraming panahon sa pag-aral ng Bibliya at sa panalangin upang magkaroon ng kaalaman sa patakaran ng kasunduan. Ito ang isa sa mga dahilan kung

bakit ito ay tinatawag na “pagbawtismo sa pananampalataya” o pagbibinyag ng mga magulang/nakakatatanda. Bago ang binyagan (bawtismo), gagawa tayo ng desisyon subalit dapat alamin natin ang lahat ng patakaran – isang desisyon na nagpapahintulot na baguhin tayo ng Diyos at manalangin tayo ng kapangyarihan para sumunod kay Hesus sa lahat ng paraan. (1Pedro2:21). Ang pagbawtismo ay isang panlabas na palatandaan ng ating pagbabago na nangyayari sa ating kalooban.

Ang kumpil ay inumpisahan ng simbahang Katoliko noong ika-labing-tatlong siglo. Ang katotohanan ay konti lang ang naniniwala kay Hesus bilang personal na Tagapagligtas. Ito ay nagpapakita lamang na itong kumpil ay walang kahalagahan. Si Martin Luther ay nagpapawalang bisa/halaga ng kumpil noong kanyang kapanahunan at tinatawag ito ngayon na “*hundredth monkey effect*”. Nakita niyang ito ay isang pamaraan ng panlilinlang. Ang ibig niyang sabihin ay, silang lahat ang kumikilos kagaya rin ng ginagawa ng iba at nagbigay ng pangako sa bawat isa, kung saan sa bandang huli ay hindi nila matutupad. Tinanggal ni Luther ang kumpil, at hindi na ipinakilala sa Norway hanggang taon 1736.

Ang pagbibinyag ng sanggol at ang kumpil ay mga tradisyon na ginagawang batas ng tao. Ang mga ito ay pamaraan ng pagpalit ng bawtismo na sinasabi ng Bibliya. Dito lamang malalaman kung paano ang Diyablo nagtatrabaho. Pinalitan niya ang mga katotohanan sa Bibliya ng



peke/artipisyal, parang magkapareho sa tingin ng tao pero ang katotohanan ay magkaibang-magkaiba.

Ang Bibliya ay nagsasabing merong , **“isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo,”** (Efeso 4:5). Ating nakikita na ang totoong pagbawtismo ay hindi pagbibinyag ng sanggol, kung hindi pagbawtismo ng pananam-palataya na kung saan ang isang tao nakakarinig ng mensahe ng kaligtasan at gagawa ng personal na desisyon upang tanggapin ang kaligtasan kay Hesukristo. Ang tao na nababawtismuhan, ay dapat sumunod sa halimbawa ni Hesus. Si Hesus ay nagpabawtismo nang Siya ay nasa wastong gulang na (30 taong gulang) sa ilog ng Jordan. Si Hesus ay hindi na nangangailangan ng bawtismo dahil wala siyang kasalanan at hindi nangangailangan ng kaligtasan. Bagama’t, Siya ay nagpabawtismu upang magbigay sa atin ng halimbawa (Mateo 3: 13-17) upang ating sundin ang Kanyang mga yapak (1 Pedro 2:21).

“At mula sa Galilea, pumunta si Hesus kay Juan sa Jordan upang magpabawtismo sa kanya. Ibig siyang hadlangan ni Juan, na nagsasabi : Ako ang dapat mong bawtismuhan, at ikaw pa ang lumalapit sa akin? Ngunit sumagot si Hesus sa kanya: Hayan mong mangyari ito ngayon, sapagkat ganito ang nararapat sa atin upang matupad ang buong katuwiran. At siya ay sumang-ayon. Nang mabawtismuhan si Hesus, kaagad siyang umahon sa tubig, at nabuksan sa kanya ang kalangitan, at nakita niya ang Espiritu ng

Diyos na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kanya. Sinabi ng isang tinig mula sa langit, Ito ang minamahal kong Anak, sa Kanya ako lubos na nalulugod.” (Mateo 3:13-17) upang sumunod tayo sa kanyang mga yapak. **“At ang bautismo, na siyang kalarawan nito, ang nagliligtas sa inyo ngayon, hindi sa pag-aalis ng karumihan ng laman, kundi bilang paghiling sa Diyos ng isang malinis na budhi, sa pamamagitan ng muling pagkabu-hay ni Hesukristo.”** (1 Pedro 2:21).

Ating nababasa kung paano sa pagbinyag (baw-tismo), ang isa ay inilibing sa tubig at babangon sa panibagong buhay kay Hesus. Dapat babalik tayo at sundin ang pagbawtismo na ayon sa Bib-liya at hindi ang pagbibinyag na ayon sa sim-bahang Katoliko at sa mga tumalikod na mga Protestante. Ang pagbibinyag ng sanggol at ang kumpil ay tradisyon ng Katoliko at ang mga naniniwala na sila’y maliligtas dahil ang kanilang mga magulang ay nakikilahok sa ganitong mga gawain, ay nalinlang. Hindi nila naranasan ang paraan ng Bibliya sa pagbawtismo at wala nang iba pang paraan sa pagbawtismo na makatotohanan ayon sa Salita ng Diyos. Ang lahat na susunod kay Hesus at ginagawa niya ang ginawa ni Niya, ay papasailalim sa pagbabawtismo na ayon sa Bibliya. Ang pagbibinyag ng sang-gol/pagwiwisik ay hindi bawtismo ayon sa Bib-liya. Ang mga magulang at ang mga ninong at ninang ang siyang naniniwala para sa kanilang mga anak, ngunit kung sino ang bibinyagan ay siyang na may sariling pananampalataya. Si Hesus ay nagsabi kay Nicodemus: **“Sumagot si**



Hesus, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, maliban ang isang tao’y ipinanganak sa tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos.” (Juan 3:5).

Si Hesus ay nagsabing hindi tayo pwede makibahagi sa kaharian ng Diyos hangga’t hindi tayo maipanganak sa tubig at sa Espiritu. Ito dapat ay magmulat ng mga mata nating lahat!

Kaya dapat tayo makibahagi sa bawtismo ni Hesus, ang pagbawtismo ng pananampalataya! Ang pagbibinyag ng sanggol o pagwiwisik ay hindi maituturing na bawtismo. Ito ay isang panlililang na tradisyon na ginawa ng tao.

9. Ang simbahang Katoliko ay nagsasabing merong kaligtasan sa mga sakramento. Kagaya ng pagpabinyag at pakipagbahagi sa pagtanggap ng kumunyon, ang pagpenetensya o pagpataw ng parusa sa sarili at iba pa. Si Luther ay tinuruan din ng ganitong mga bagay dahil lumaki siyang Katoliko. Isang araw habang gumagapang siya paakyat ng *Pilot’s staircase*, naala-ala niya ang isang banal na mensahe na nabasa niya: ***“Ngunit ang taong matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.”*** (Roma 1:17). Si Luther ay tumayo sa kanyang mga paa at napagtanto niya na siya ay gumagapang sa kanyang mga tuhod upang matamo niya ang kaligtasan; akala niya na ang mga bagay na kanyang ginagawa ay makakapagligtas sa kanya. At doon nalaman niya ang isang mahalagang bagay. Dumating sa kanyang pang-unawa na si Hesuskristo lamang ang tagapagligtas ng buong sanlibutan, sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang gawa ay hindi makakapagligtas, pero ang ating mga ginagawa ay siyang bunga

at nagpapahayag ng ating pananampalataya (Mateo 5:8). Habang si Luther ay patuloy na pinag-aaralan ang paksang ito, kanyang nakita ang marami pang ibang mahalagang teksto sa mga salita ng Diyos na nauugnay sa pagkamakatarungan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesuskristo. Kung tayo ay lalapit kay Hesus, kung ano tayo sa lahat ng ating mga kasalanan, at aminin natin na tayo ay nagkasala, magsisisi at hihingi tayo ng kapatawaran. Si Hesus ay magpapatawad sa atin at tayo ay Kanyang susukluban ng Kanyang pagkamakatarungan, at ito ay magiging atin sa pamamagitan ng pananampalataya natin sa Kanya at ng Kanyang pagpapala sa atin at wala nang iba. Isipin natin ang kung anong kaginhawaan ang nararamdaman ni Luther sa kanyang buhay. Ikaw at ako ay makakaranas din ng parehong kalayaan, kung ating susundin ang plano ng Diyos.

Tingnan natin ang iba pang mga salita ng Diyos na nauugnay sa ibig sabihin ng pananampalataya:

“Ngayon ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita.” (Hebreo 11:1).



“Kaya ang pananampalataya ay nangagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Kristo.” (Roma 10:17).

“Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya’y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagkat hindi sinugo ng Diyos ang anak sa sanlibutan, kundi upang ang sanlibutan sa pamamagitan niya.” (Juan 3: 16-17).

“Ngunit ang Diyos, paalibhasa’y mayaman sa awa, dahil sa kanyang malaking pag-ibig sa atin, maging noong tayo’y mga patay sa pamamagitan ng ating mga pagsuway, binuhay niya tayo kay Kristo- sa pamamagitan ng biyaya kayo’y naligtas, at tayoy muling binuhay na kasama niya, pinaupong kasama niya, sa sangkalangitan, kay Kristo Hesus. Upang kanyang maipakita sa panahong darating, ang di-masukat na kayamanan ng kanyang biyaya sa kagandahang-loob sa atin sa pamamagitan ni Kristo Hesus. Sapagkat sa biyaya kayo’y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito’y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito’y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay hindi magmalaki. Sapagkat tayo’y kanyang pina-kamahusay na gawa, na nilalang kay Kristo Hesus para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Diyos nang una pa upang siya nating lakaran.” (Efeso 2:4-10).

“Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas.” (Marcos 16:16).

Kaya ngayon, ano ang papel na ginagampanan ng gawa?

Ating nabasa na: *“Sapagkat tayo’y kanyang pinakamahusay na gawa, na nilalang kay Kristo Hesus para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Diyos nang una pa upang siya nating lakaran.”* (Efeso 2:10).

Noong si Juan Bautista ay pumunta at nagbigay pangaral tungkol sa pagbabagong buhay; sinabi niya na: *“Mamunga kayo ng nararapat sa pagsisisi.”* (Mateo 3:8).

Sinulat ni Santiago: *“Kaya’t ang pananam-*



palataya na nag-iisa, kung ito ay walang mga gawa ay patay.” (Santiago 2:17).

Kaya ang pananampalataya pag walang gawa ay patay at ang mabuting gawain ay bunga ng ating pananampalataya.

Sa pamamagitan ng pananampalataya si Abel ay nag-alay ng mas mabuting alay kaysa kay Cain,

Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noah ay gumawa ng arka,

Sa pamamagitan ng pananampalataya sila ay naglakbay at tumawid sa Red Sea.

Sa pamamagitan ng pananampalataya silang lahat ay may ginawa. Ito ay pagkamakatarungan sa pamamagitan ng pananampalataya.

Kung ating tatanggapin ang pagkamakatarungan ni Kristo, dapat din tayong manalangin para sa kapangyarihan na mamuhay ng makatarungan para sa Kanya. At tayo ay magiging tunay Niyang mga saksi.

“Kung nalalaman ninyong siya’y matuwid, makakatiyak kayo na ang bawat gumagawa ng katuwiran ay ipinanganak Niya.” (I Juan 2:29).

“Mga munting anak, huwag kayong padaya kanino man. Ang gumagawa ng katuwiran ay matuwid, gaya Niya na matuwid.” (I Juan 3:7).

Kaya ang kapangyarihan na mamuhay nang makatarungan at ito ay magbunga ng mabuti ay



hindi nakasalalay sa atin, kung hindi sa kapangyarihan ni Kristo sa isang mananampalataya. Si Pablo ay nagpahayag: **“Sapagkat Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanais at sa paggawa, para sa kanyang mabuting kalooban.”** (Filipos 2:13).

Meron nang hidwaan sa pagitan ng simbahang Katoliko at sa simbahan ng *Lutheran* simula ng lumabas si Luther at nagturo ng pagkamakatarungan sa pamamagitan ng pananampalataya. Noong taong 1999, itong dalawang simbahan ay nakaisa sa paggawa ng dokumento tungkol sa pagkamakatarungan sa pamamagitan ng pananampalataya pagkatapos ng maraming palitan ng mga ideya, mas maraming mahusay na pakikipag-ugnayan at pagkakaisa ng relihiyon. Ang dokumento ay tinatawag na *“Joint Declaration”*. Itong pagpapahayag/kasunduan ay nilagdaan noong Oktubre 31, 1999; eksaktong 482 taon pagkatapos ni Luther ipinaskil ang kanyang *“theses”* sa pintuan ng simbahan sa *Wittenberg*, na kung saan kanyang itinuro ang pagka-importante ng pagkamakatarungan sa pamamagitan ng pananampalataya at pananampalataya lamang. Itong dokumento, *“Joint Declaration”*, ay nagdala sa samahan ng

Lutheran pabalik sa Roma, at diyan ipinahayag na merong kaligtasan sa mga sakramento.

Ang mga Protestante ang sumuko, hindi ang Roma

Tayo ngayon, mga 500 taon pagkatapos ng *Wittenberg*, nakikita natin na ang Katoliko at Protestante ay sama-sama na nagdiriwang kay Luther. Minaliit nila ang malaking pag-aklas ni Luther mula sa Roma at nagsasabing narito na tayo ngayon sa bagong kapanahunan at magkasamang tatayo upang ipalaganap ang kapayapaan sa mundo. Pero itong kapayapaan ay matatamo natin sa pamamagitan ng pagkakaisa ng relihiyon, mahusay na pakikipag-ugnayan at paramihan ng boto. Si Hesus ay nagsabi: **“Kapayapaan ang iniwan ko sa inyo, ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo. Hindi gaya ng ibinibigay ng sanlibutan ang ibinibigay ko sa inyo.”** (Juan 14:27).

Ang totoong kapayapaan ay dadating lamang kung ito ay matatanggap natin mula kay Hesukristo bilang Panginoon ng ating buhay, kung inamin na natin ang ating kasalanan at nakakatanggap tayo ng kapatawaran mula kay Hesus at ng Kanyang pagkamakatarungan, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, at sa pamamagitan naman ng ating pananampalataya. Kung itong desisyon ay nagawa, ang mananampalataya ay makakatanggap ng Banal na Espiritu na Siyang pinanggagalingan ng kapangyarihan sa buhay at sa gayon ay makapaglakad kagaya ng kay Hesus – kakayahan sa paggawa ng mabuting gawain.

Ang sanlibutan ay hindi makapagbigay ng ganitong tunay na kapayapaan. Yaong pumili na sumunod sa pamamaraan ng Roma, na sumusuway sa kalooban ng Diyos ay hindi makakatanggap nitong tunay at wagas na kapayapaan na si Hesus na Siya lamang ang kayang magbigay. Dapat nating piliin si Hesukristo na personal na Tagapagligtas. Piliin nating maging masunurin kay Kristo – ang Kanyang kapangyarihan ay mapapasaatin upang sumunod sa Kanyang mga yapak sa mga makikitid na daanan.

Ang mga Repormador ay nakakaunawa kung

ano ang ibig sabihin nang pagtanggap ng kaligtasan kay Hesukristo... Hindi nila nauna-waan ang lahat ng bagay subalit:

-Ang "*Anabaptist*" ay nakakaunawa kung ano ang ibig sabihin ng pagbibinyag.

-Si Luther ay nakakaunawa ng grasya/biyaya.

-Nakita ni Huss ang ibig sabihin ng pagkama-sunurin.

-Si Wesley ay nakakita ng pagkaimportante/mahalaga ng pagkabanal.

-Ang mga "*Waldenses*" ay nakaunawa ng pagkaimportante ng Bibliya.

-Si Miller ay nakaunawa ng pangalawang pagbalik ni Hesus.

Paano naman tayo? Mabuti at tayo ay may natutunan na mga konting bagay sa bawat isa sa mga ito at tayo ay naging mas marunog kaysa sa mga tao sa nakaraan. Dapat nating tingnan ang malaking larawan. Dapat nating ipangaral

at ipamahagi ang mga katotohanang ito kasama na doon ang pananampalataya, grasya/biyaya, kaligtasan, ang buhay kay Kristo, ang pagtatrabaho ng Banal na Espiritu, ang pagtubo/paglago sa biyaya, ang pag-unlad ng ating mga ugali, ang bunga ng Espiritu, ang pangalawang pagbalik ni Kristo Hesus at ang panghuli ay ang mga sumusunod na topiko/paksa.

10. Ang simbahang Katoliko ay nagpalit ng Sampung Utos ng Diyos. Sa kasamaang palad, isinama ni Luther ang bersyon ng Katoliko ng Sampung Utos sa kanyang katikismo. Lumaki siyang Katoliko at hindi niya napagtanto (napagmuni-muni) ang kamalian/kasalanan ng Katolikong simbahan sa kanilang pagpalit sa Sampung Utos ng Diyos.

Kanilang kinuha ang pangalawang utos mula sa katekismo at hinati ang ika-sampung utos sa dalawa. Dagdag pa, binawasan nila ang ika-apat na utos. Maaring ito na ang pinakamalaking panlilinlang sa kasaysayan ng buong sanlibutan. Ganun pa man, marami ang naniniwala na ang




simbahang Katoliko ay isang Kristiyanong simbahan. Subalit ang Kristiyano ay dapat sumunod kay Kristo at hindi papalitan ang kahit na anong sinabi o sinulat na nasa Bibliya; di-kagaya ng sinulat ng simbahang Katoliko at hindi lamang sa kautusan ng Diyos. Kaya kami, kasama ni Luther at ang mga Repormador, ay malinaw na nakikita na ang papa ay nagdadala ng katangian ng *antichrist*.

Dito ipinahayag ni Martin:

“Noong una ay sinabi ko na ang papa ay kapalit/representante ng Diyos; ngayon ay iginiiit ko na siya ay kaaway ng Panginoon, at apostoles ng diyablo.” (D Aubigne, b.7, chapter 6).

Nang dumating ang mapang-aping mga pahayag ng papa kay Luther, siya ay nagsabi: *“Twiniwaksi ko at ina-atake ko ito, bilang hindi maka-Diyos at hindi makatarungan, isang kasinungalingan dahil mali... Si Kristo mismo ang nakondema doon... Ako ay masya sa pagdusa ng ganyang pasakit para sa pinakamabuting dahilan. Sa ngayon pa lang nararamdaman ko na ang malaking kala-yaan sa aking puso; dahil sa huli nakilala ko na ang “PAPA AY ISANG ANTIKRISTO, AT ANG KANYANG TRONO AY KAY SATANAS MISMO.”* (D Aubigne, b. 6, chapter 9).

Ilang mga *Lutheran* kaya ang makapagsabi ng pareho nito ngayon? Ibahin natin ang katanungan: ang *Lutheran* na Simbahan kaya ay na-



ging *antichrist* dahil tinanggap nila ang Linggo bilang araw ng pagpahinga?

Ayon sa naunang nabanggit, ating napansin na ang papasiya ay nagtanggap ng maraming teksto o parte ng ika-apat na Banal na Utos sa kanyang Katekismo.

Ang ika-apat na utos ay nagsasabi ng ganito:

“Alalahanin mo ang araw ng Sabado, upang ingatan itong banal. Anim na araw kang gagawa at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain; ngunit ang ikapitong araw ay Sabado sa Panginoon mong Diyos. Sa araw na ito ay huwag kang gagawa ng anumang gawain, ikaw o ang iyong anak na lalaki, ang iyong anak na babae, ang iyong aliping lalaki, ang iyong aliping babae, ang iyong baka, ang daryuhang nasa loob ng iyong mga pintuan; sa-pagkat sa loob ng anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng naroroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; kaya’t binasbasan ng Panginoon ang araw na Sabado, at ginawa itong banal.” (Exodo 20:8-11).

Sa ika-apat na utos ng Katekismo, walang nakasaad doon na ang ika-pitong araw ay ang tunay na araw ng pagpahinga. Karamihan ng mga tao ay nakakaalam na si Hesus ay namatay sa araw ng Biyernes. Ang Bibliya ay nagtawag nito na araw ng paghahanda, ang araw bago ang Sabado. (Mark 15:42-43). Ang araw pagkatapos nito ay tinatawag na Sabado. Ito ang ikapitong araw at pinakahuling araw ng Linggo, ayon sa Bibliya. Habang si Hesus ay nagpahinga sa kanyang libingan, ang mga apostoles naman ay nagtipon-tipon upang magpahinga ayon sa kautusan (Lucas 23:53-56). Ang susunod na araw ay Linggo. Ang Linggo ay siyang unang araw ng linggo ayon sa Bibliya. Sa araw na ito si Hesus ay nabuhay mula sa kamatayan. (Marcos 15:42-47; 16:1-6).

Lahat na nakabasa ng mga tekstong ito ay malinaw na nakikita na ang Linggo ay ang unang araw sa isang linggo ayon sa Bibliya at ang Sabado ay ang ika-pitong araw ng linggo. Ang Sabado ay araw ng pagpahinga ayon sa Bibliya. Lahat ng mga Kristiyano ay dapat sumunod sa kay Hesus na Sabado ang araw ng kanyang

pahinga, dahil si Hesus ang nagtatag ng ika-pitong araw na Sabado bilang araw ng pahinga. Ang Bibliya ay nagsasabi na: “**Lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan Niya.**” (Juan 1:1-14). Ang Bibliya ay nagsasabi na “**si Hesus ay Panginoon ng Sabado.**” (Marcos 2:27-28). Itong teksto ay nagpahayag rin na ang Sabado ay ginawa para sa tao. Marami ang naniniwala na ang Sabado ay ginawa para sa Hudiyong kagaya ng napahayag sa “*footnotes*” ng bagong Bibliya na tinatawag na “*ecumenical Bible*” – ang Bibliya para sa pagkakaisa ng mga relihiyon – Bibliya 2011. Pero ito ay hindi totoo dahil ang Sabado ay sinimulan pa noong panahon na nilalang ang daigdig... Ating nabasa na ang Diyos ay naglalang ng anim na araw at nagpahinga sa ika-pitong araw. Kaya makikita natin na ang Sabado ay nagsimula nang nilalang pa lamang ang daigdig at hindi sa pagkabuhay na muli ni Hesus. Ang pagkabuhay na muli (resurreksyon) ni Hesus ay unang araw ng pagtrabaho ng linggo pagkatapos ni Hesus magpahinga sa libingan sa ika-pitong araw. Hindi pwedeng magkaroon ng dalawang araw na pahinga isa muna bago ang isa na naman – ang ika-pitong araw (7th) at unang araw (1st) ng linggo. Hindi, si Hesus ay nagpahinga sa kanyang libingan sa araw ng Sabado at bumangon sa bagong araw ng paggawa na Linggo, ang unang araw ng linggo kagaya ng kanyang ginawa noong nilikha Niya ang daigdig, nag-umpisa siyang lumikha sa unang araw ng linggo.

Walang makikita sa Kasulatan na nagsasabing si Hesus ay nag-utos na itigil na ang pagpanatili/pagsunod sa pagpahinga sa araw ng Sabado at sa halip sa Linggo na tayo dapat magpahinga. Kung ito ay Kanyang ipinalitan, dapat ay malinaw Niya itong ipinahayag. Sana siguro, pinalitan rin Niya ang Sampung Kautusan, na malinaw na nagsasabi na ang ika-pitong araw ng Sabado ay ang araw ng ating pahinga. Dagdag pa, ang Diyos ay hindi nagbabago, ang Bibliya ay malinaw na nagpapahayag:

“Si Hesukristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.” (Hebreo 13:8).

“Sapagkat akong Panginoon ay hindi nagbabago.” (Malakias 3:6).

“Ang damo ay natutuyo, ang bulaklak ay nalalanta; ngunit ang salita n gating Diyos ay mamamalagi magpakailanman.” (Isaia 40:8).

Ang simbahang Katoliko ay walang pag-alinlangan na ipinahayag na pinalitan nila ang araw ng pahinga. Mababasa natin ang mga sumusunod sa “Romano Katolikong Katekismo”:

Tanong: *Aling araw ba ang araw ng pagpahinga. (Sabbath)?*

Sagot: *Sabado ang araw ng pagpahinga.*

Tanong: *Bakit tayo nagpapahinga sa araw ng Linggo sa halip na Sabado?*

Sagot: *Tayo ay nagpapahinga ng Linggo sa halip na Sabado dahil ang simbahang Katoliko sa “Council of Laodicea (AD 336)” ay naglipat ng pagkabanal ng Sabado patungo sa Linggo.*

Tanong: *Merong ba kayong ibang paraan sa pagpapatunay na ang simbahan ay may kapangyarihan na magtatag ng “festivals of precept”?*

